DEPED TAMBAYAN
http://richardrrr.blogspot.com/
1. Center of top breaking headlines and current events related to Department of Education.
2. Offers free K-12 Materials you can use and share.

# 10

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Modyul para sa Mag-aaral

## Yunit 1

DEPED COPY

Ang aklat na ito ay magkatuwang na inihanda at sinuri ng mga edukador mula sa mga publiko at pribadong paaralan at pamantasan. Hinihikayat namin ang mga guro at ibang nasa larangan ng edukasyon na mag-email ng kanilang puna at mungkahi sa Kagawaran ng Edukasyon sa action@deped.gov.ph.

Mahalaga sa amin ang inyong mga puna at mungkahi.

**Kagawaran ng Edukasyon**
**Republika ng Pilipinas**

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasampung Baitang**
**Modyul para sa Mag-aaral**
**Unang Edisyon 2015**
**ISBN:**

**Paunawa hinggil sa karapatang-sipi.** Isinasaad ng Seksiyon 176 ng Batas Pambansa Bilang 8293: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang sipi sa ano mang akda ng Pamahalaan ng Pilipinas. Gayon pa man, kailangan muna ang pahintulot ng pamahalaan o tanggapan kung saan ginawa ang isang akda upang magamit sa pagkakakitaan ang nasabing akda. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang patawan ng bayad na *royalty* bilang kondisyon.

Ang mga akda / materyales (mga kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o *brand names*, tatak o *trademarks*, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa aklat na ito ay sa nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagtibay sa isang kasunduan ng Kagawaran ng Edukasyon at Filipinas Copyright Licensing Society (FILCOLS), Inc. na ang FILCOLS ang kumakatawan sa paghiling ng pahintulot sa nagmamay-ari ng mga akdang hiniram at ginamit dito. Hindi inaangkin ni kinakatawan ng tagapaglathala (*publisher*) at mga may-akda ang karapatang-aring iyon.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Br. Armin A. Luistro FSC
Pangalawang Kalihim: Dina S. Ocampo, PhD

**Mga Bumuo ng Modyul para sa Mag-aaral**

**Mga Konsultant:** Manuel B. Dy Jr., PhD at Fe A. Hidalgo, PhD
**Editor:** Luisita B. Peralta
**Mga Manunulat:** Mary Jean B. Brizuela, Patricia Jane S. Arnedo, Goeffrey A. Guevara, Earl P. Valdez, Suzanne M. Rivera, Elsie G. Celeste, Rolando V. Balona Jr., Benedick Daniel O. Yumul, Glenda N. Rito, at Sheryll T. Gayola
**Tagaguhit:** Gilbert B. Zamora
**Naglayout:** Jerby S. Mariano
**Mga Tagapamahala:** Dir. Jocelyn DR. Andaya, Jose D. Tuguinayo, Jr., Elizabeth G. Catao, at Luisita B. Peralta

**Inilimbag sa Pilipinas ng FEP Printing Corporation**
**Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS)**
Office Address: 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City
Philippines 1600
Telefax: (02) 634-1054 or 634-1072
E-mail Address: imcsetd@yahoo.com

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# Talaan ng Nilalaman

## Unang Markahan

**Modyul 1: Ang Mga Katangian ng Pagpapakatao**..........1

Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?..........1
Paunang Pagtataya..........2
Pagtuklas ng Dating Kaalaman..........4
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa..........7
Pagpapalalim..........9
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto..........16

**Modyul 2: Ang Mataas na Gamit at Tunguhin ng Isip at Kilos-loob**..........21

Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?..........21
Paunang Pagtataya..........22
Pagtuklas ng Dating Kaalaman..........24
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa..........27
Pagpapalalim..........30
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto..........38

**Modyul 3: Paghubog ng Konsensiya Batay sa Likas na Batas Moral**..........42

Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?..........42
Paunang Pagtataya..........43
Pagtuklas ng Dating Kaalaman..........46
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa..........48
Pagpapalalim..........49
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto..........62

**Modyul 4: Ang Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan**..........65

Ano ang Inaasahang Maipamamalas Mo?..........65
Paunang Pagtataya..........66
Pagtuklas ng Dating Kaalaman..........68
Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan, at Pag-unawa..........70
Pagpapalalim..........71
Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto..........79

DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 10**
**Unang Markahan**

# MODYUL 1: ANG MGA KATANGIAN NG PAGPAPAKATAO

## A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

DEPED COPY

"Sa bawat kilos ko, anong uri ng tao ang binubuo ko sa aking sarili?"

Ngayong nasa Baitang 10 ka na, naitanong mo na ba ang tanong na ito sa iyong sarili? Nakatulong ba ang mga konseptong natutuhan mo sa mga modyul sa mga nakaraang baitang sa Edukasyon sa Pagpapakatao, lalo na ang Modyul 5 hanggang Modyul 8 sa Baitang 7? Malinaw ba sa iyo ang *uri* ng tao na binubuo mo sa iyong sarili? Kung pangarap mong maging matagumpay na propesyonal (tulad ng isang guro, *guidance counselor* o negosyante) o manggagawa na produktibo at nakikibahagi sa pag-unlad ng iyong pamayanan at bansa, ano-anong mga pagpapahalaga kaya ang makatutulong upang mabuo ang *tao* na iyong pinapangarap? Magandang tanungin ang iyong sarili sa panahon ng mga tukso at pag-aalinlangan na para bang nakatingin ka sa salamin: Anong uri nga ba ng tao ang binubuo ko sa aking sarili?



Marahil dahil sa iyong kalayaan, naisasakilos mo agad ang anumang naisip nang walang pagmumuni. Mahalagang isaalang-alang na ang bawat pasiya at kilos mo ay may epekto sa pagkataong hinuhubog mo sa iyong sarili. Paano kung sa huling yugto ng iyong buhay ay magulat ka sa iyong nakamit na pagkatao - dahil hindi pala ito ang nilayon mo? Ano-ano ang dapat mong gawin upang ang pagkataong hinuhubog mo sa iyong sarili ay magugustuhan mo, kapuri-puri sa iyong kapuwa at pamayanan at katanggap-tanggap sa Diyos?

Sa modyul na ito, inaasahan ang pagsagot mo sa **Mahalagang Tanong na: Paano makatutulong sa tao ang mga katangian ng pagpapakatao upang magampanan niya ang kaniyang misyon sa buhay tungo sa kaniyang kaligayahan?**



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

1.1 Natutukoy ang mga katangian ng pagpapakatao
1.2 Nasusuri ang sarili kung anong katangian ng pagpapakatao ang makatutulong sa pagtupad ng iba't ibang papel sa buhay (upang magampanan ang kaniyang misyon sa buhay)
1.3 Napatutunayan ang Batayang Konsepto ng aralin
1.4 Nailalapat ang mga tiyak na hakbang upang paunlarin ang mga katangian ng pagpapakatao

**Naririto ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kasanayang Pampagkatuto 1.4:**

a. May malinaw na Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB)
b. Natukoy ang iba't ibang papel sa buhay batay sa kaniyang PPMB
c. Natukoy ang mga konkretong gawain upang matupad ang iba't ibang papel sa buhay
d. Natukoy ang mga katangian ng pagpapakatao na nahuhubog sa pagsasagawa ng mga konkretong gawain na natukoy

**Paunang Pagtataya**

*Panuto:* Piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.

1. Alin ang *hindi* tinutukoy ng bahaging "madaling maging tao" sa kasabihang "Madaling maging tao, mahirap magpakatao?"
   a. May isip at kilos-loob ang tao.
   b. May kamalayan siya sa kaniyang pagtungo sa kaniyang kaganapan.
   c. Tapat ang tao sa kaniyang misyon.
   d. May konsensiya ang tao.

2. Alin ang *hindi* tinutukoy ng bahaging "mahirap magpakatao" sa kasabihang "Madaling maging tao, mahirap magpakatao?"
   a. Ito ang nagpapabukod-tangi sa tao sa kaniyang kapuwa-tao.
   b. Ibang mag-isip at tumugon ang bawat isa sa magkapatid na kambal kung maharap sa parehong sitwasyon.
   c. Nililikha niya sa kaniyang sarili ang mga katangiang nagpapabukod-tangi sa kaniya habang siya ay nagkakaedad.
   d. May kakayahan ang tao na itakda ang kaniyang kilos para lamang sa katotohanan at kabutihan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Alin ang nagpapahayag sa katangian ng tao bilang indibidwal?
   a. Ang tao ay may matibay na paninindigan, pagpapahalaga, at paniniwalang bukod-tangi sa lahat.
   b. Hiwalay ang tao sa ibang tao dahil noong siya ay isinilang, nagsimula na siyang mag-okupa ng espasyong hiwalay sa ibang sanggol.
   c. Lahat ng tao ay pantay-pantay kahit magkakaiba ang mga katangian, pangarap at pagpapahalaga ng bawat isa.
   d. Bukod-tangi ang tao at naiiba sa kaniyang kapuwa dahil siya ang lumilikha ng kaniyang pagka-sino.

4. Ano ang kahulugan ng pangungusap?
   "Ang tao bilang persona ay isang proseso ng pagpupunyagi tungo sa pagiging ganap na siya."
   a. Nililikha ng tao ang kaniyang pagka-sino sa pamamagitan ng pagsisikap.
   b. Lahat ng tao ay dumadaan sa proseso ng pag-unlad.
   c. Dapat magsikap ang lahat ng tao.
   d. Nagiging ganap ang tao dahil sa kaniyang pagpupunyagi.

5. Aling yugto ng pagka-sino ng tao ang nagpapakita ng pagkamit ng kaniyang kabuuan, kaya hindi siya naiimpluwensiyahan ng pananaw ng nakararami dahil sa kaniyang matibay na paninindigan?
   a. Persona
   b. Personalidad
   c. Pagme-meron
   d. Indibidwal

6. Alin sa sumusunod ang nagpakita ng katangian ng hindi pa ganap na personalidad?
   a. Nakibahagi si Kesz sa paglutas ng mga suliraning kinakaharap ng kabataan sa buong mundo.
   b. Naitaas ni Kap Roger ang antas ng kabuhayan ng kaniyang pamilya at kapuwa magsasaka.
   c. Naging instrumento ang mga *painting* ni Joey Velasco upang imulat sa mga tao ang epekto ng kahirapan at kawalan ng katarungan sa bansa.
   d. Nagpasya si Raffy na magsumite ng proposal tungkol sa *Career Guidance* upang mabigyang-solusyon ang problema ng *job-skills mismatch* sa bansa.

7. Ano ang buod ng talata?

   | |
   |---|
   | May kakayahan ang tao na gawing obheto ang kaniyang sarili. Dahil sa kaniyang kakayahang magmuni-muni, alam ng tao na alam niya o hindi niya alam. Nagiging mundo ang kaniyang kapaligiran dahil sa kakayahan niyang pag-isipan ang kaniyang sarili. |

   a. Ang tao ay may kamalayan sa sarili.
   b. Alam ng tao sa mundo ang anumang bagay na may kaugnayan sa kaniyang sarili.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

c. Maraming magagawa ang isip ng tao.
d. Gamit ang pagmumuni-muni, nalalaman ng tao ang mga bagay na hindi niya alam.

8. Anong katangian ng pagpapakatao ang ipinakita ni Buddha sa pangungusap? Noong nakita ni Buddha ang apat na lalaki – isang matanda, may ketong, bangkay, at pulubi, nakabuo siya ng buod ng buhay: Ang buhay ay isang pagdurusa.
   a. May kamalayan sa sarili
   b. Umiiral na nagmamahal
   c. May kakayahang kumuha ng esensiya ng mga umiiral
   d. Tumutugon sa tawag ng paglilingkod

9. Anong katangian ng pagpapakatao ang ipinamalas ni Mother Teresa sa talata?

> Sa kaniyang pagninilay, narinig niya ang tawag ng paglilingkod sa labas ng kumbento – ang tulungan ang mga batang napabayaan, mga taong hindi minahal at may sakit na hindi inalagaan. Ginamit niya ang kaniyang kaalaman sa panggagamot at kakayahan sa pagtuturo upang tugunan ang pangangailangang pisikal at espiritwal ng mga mahihirap.

   a. May kamalayan sa sarili
   b. Umiiral na nagmamahal
   c. May kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral
   d. May pagtanggap sa kaniyang mga talento

10. Alin ang dapat paunlarin ng tao upang maisagawa ang kaniyang misyon sa buhay na siyang magiging daan tungo sa kaniyang kaligayahan?
   a. Mga katangian ng pagpapakatao
   b. Mga pangarap at mithiin
   c. Mga talento at kakayahan
   d. Kasipagan at katapatan



## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

**Gawain 1**

*Panuto:*

1. Suriin ang kasabihang: “Madaling maging tao, ngunit mahirap magpakatao.”

2. Sa gabay ng inyong guro, hahatiin ang klase sa apat na pangkat. Pag-uusapan ng bawat pangkat ang kahulugan ng kasabihan. Sasagutin ang tanong na: *Ano ang mga katangian ng tao at ng nagpapakatao?* Bawat kasapi ng pangkat ay magbibigay ng kaniyang opinyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

a. Isusulat ng isang miyembro ng pangkat sa isang kartolina o i-*encode* sa *laptop* ang *matrix* sa ibaba:

| Mga Katangian ng Tao | Mga Katangian ng Nagpapakatao |
|---|---|
| Hal.: May isip at kilos-loob | Ginagamit ang isip para sa paghahanap ng katotohanan |
| | |
| | |
| | |
| | |

b. Pagkatapos, bubuo ang bawat pangkat ng konsepto o buod mula sa mga sagot na lumabas sa talakayan.

c. Ibabahagi ng lider ng pangkat ang kanilang *output* sa klase.

3. Sagutin ang mga tanong ng guro tungkol sa pangkatang gawain:
   a. Batay sa mga sagot ng mga pangkat, ano-ano ang pagkakaiba ng *pagiging tao* sa *pagpapakatao*?
   b. Bakit sinasabi sa kasabihan na madaling maging tao? Bakit mahirap magpakatao? Ipaliwanag.

4. Pagkatapos, isasadula ng bawat pangkat sa malikhaing paraan sa loob ng tatlong minuto ang taong nagpapakatao (halimbawa: pagbisita sa mga bilanggo o maysakit).

5. Pagkatapos ng dula-dulaan, sagutin ang sumusunod na tanong sa klase:
   a. Ano-anong katangian ng pagpapakatao ang napansin mo sa mga dula-dulaan?
   b. Kung isasabuhay mo ang mga katangian ng pagpapakatao, ano ang kabutihang idudulot nito?
   c. Ano ang magsisilbing gabay ng lahat ng iyong mga pagpupunyagi na dapat mong buuin upang makamit ang tagumpay at tunay na kaligayahan? Ipaliwanag.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Gawain 2**

*Panuto:* Napag-aralan mo sa Baitang 7 at Baitang 9 ang *Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB)*. Dalawa ang bahagi nito: (a) Ano ang gusto mong maging at (b) Ano ang dapat mong gawin upang matupad ang "a." Ito ang tuon ng gawaing ito. Gawin ang sumusunod sa iyong kuwaderno.

1. Balikan ang binuo mong Personal na Pahayag na Misyon sa Buhay (PPMB) sa Baitang 9. May gusto ka bang baguhin o paunlarin? Isulat sa iyong kuwaderno ang pinaunlad mong PPMB. Kung wala ka pang PPMB, bumuo ka nito gabay ang halimbawa sa ibaba:

   **Halimbawa**:

   | |
   |---|
   | Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB) ni Rita |
   | Isang mapagkalingang lider na tagapagdaloy ng mga gawaing nagbibigay ng prayoridad sa kabataan at mahihirap na tagalunsod tungo sa pag-unlad ng kanilang positibong pagtingin sa sarili at ugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng kaalaman at kakayahan sa musika at isports. |

   **Ikaw naman**, isulat ang binuo o pinaunlad mong PPMB:

   ______________________________________________

   Pagkatapos, punan ang sumusunod:
   a. Ano ang gusto mong maging: ________________________
   b. Ano ang dapat mong gawin (upang matupad mo ang "a"):
   ______________________________________________

2. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod*:*
   a. Mahuhubog ba ang iyong pagkatao sa mga "dapat mong gawin" na binanggit mo sa iyong PPMB? Ipaliwanag.
   b. Kaya mo bang tuparin ang iyong PPMB? Pangatwiranan.
   c. Ipaliwanag kung ano-ano ang mga *katangian ng pagpapakatao* ang makatutulong upang maisakatuparan mo ang iyong PPMB.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

**Gawain 3**

*Panuto sa Pang-isahang Gawain:*

1. Batay sa ginawa mong PPMB sa Gawain 1, tukuyin ang mga dapat mong gawin upang matupad mo ang iyong misyon (na nakalahad sa iyong PPMB) sa iba't ibang papel na ginagampanan mo sa buhay (halimbawa bilang anak, kapatid, kamag-aral, kabataan sa pamayanan, kaibigan ng kaklase, at anak ng Diyos).

   Halimbawa, sa PPMB ni Faustina:

   *Bilang anak*: Pamumuno sa mga kapatid sa pagtulong sa paggawa ng mga takdang-aralin at gawaing bahay
   *Bilang mag-aaral:* Pagpapanatiling mataas ang marka sa lahat ng asignatura sa klase sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti; Pagtulong sa mga kamag-aral na mahina sa klase.
   *Bilang mamamayan:* Pakikiisa sa programang "Clean and Green" sa barangay
   *Bilang Layko (o anak ng Diyos):* Pagtuturo ng Katesismo sa mga batang lansangan

**Ngayon, ikaw naman**: Punan ang mga kahon ng mga gawain na makatutulong sa pagtupad mo ng iba't ibang papel sa buhay. Maaaring magdagdag ng kahon kung may iba ka pang papel sa buhay (hal.: pangulo ng Student Council, lider ng isang pangkat ng kawanggawa para sa mga maralitang tagalunsod, *blogger, editor* ng *student paper*, *layout artist*, at iba pa).

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Bilang ANAK,

Bilang KAPATID,

Bilang MAG-AARAL,

Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay: (PPMB)

Bilang PANGULO NG STUDENT COUNCIL

Bilang ANAK NG DIYOS,

Bilang MAMAMAYAN,

DEPED COPY

*Panuto sa Pangkatang Gawain:*

1. Bumuo ng *dyad* sa bawat pangkat.
2. Ibahagi ang *output* sa bawat isa sa loob ng tatlong minuto.
3. Ibahagi sa pangkat ang mga sagot na magkapareho. Halimbawa: ang mga ginagampanan sa buhay at ang mga gawaing makatutulong sa pagtupad ng iba't ibang papel sa buhay.
4. Ilalahad ng bawat pangkat ang kanilang *output.*

**Sagutin ang mga Tanong:**

1. Ano ang damdamin mo habang ibinabahagi ang iyong mga papel sa buhay at mga gawaing makatutulong sa pagtupad ng mga ito?
2. Ano-anong pagpapahalaga ang mahihinuha sa mga gawaing ibinahagi ng pangkat? Ipaliwanag.
3. Ano-anong k*atangian ng pagpapakatao* ang masasalamin sa mga konkretong gawain na ibinahagi ng pangkat? Ipaliwanag.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## D. PAGPAPALALIM

*Panuto*: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay

**Ang Mga Katangian ng Pagpapakatao**

"Madaling maging tao, mahirap magpakatao."

Ano ang pagkaunawa mo sa kasabihan? Bakit kaya madali ang "maging tao" ngunit "mahirap magpakatao"?

May dalawang bahagi ang kasabihang ito. Ang una, "madaling maging tao," ay sumasagot sa pagka-*ano* ng tao at ang ikalawa naman ay nakatuon sa pagka-*sino* ng tao. Napag-aralan mo sa Baitang 7 na ang tao ay may isip at kilos-loob, may konsensiya, may kalayaan at dignidad. Naunawaan mo rin na iba ang tao sa hayop dahil sa kaniyang kakayahang mag-isip (pagkarasyonal) at kakayahang itakda ang kaniyang mga kilos para lamang sa katotohanan at kabutihan (pagkamalaya). Bukod-tangi ang tao dahil sa kaniyang isip at kilos-loob, at may kamalayan siya sa kaniyang pagtungo sa sariling kaganapan.

Ang ikalawang bahagi, "mahirap magpakatao," ay tumutukoy sa *persona* (*person*) ng tao. Binubuo ito ng mga katangiang nagpapabukod-tangi sa kaniya sa kapuwa niya tao. Halimbawa, ang kambal na Oyin at Yesa ay parehong mahilig umawit, at pareho ang uri ng musikang gusto nila, pero ibang mag-isip at tumugon si Oyin kung maharap sila sa parehong sitwasyon. Sa kaniyang pag-iisip, pagpapasiya, at pagkilos, nagiging bukod-tangi ang bawat tao. Hindi ipinagkaloob sa kaniyang pagkasilang ang lahat ng mga katangiang nagpapabukod-tangi sa kaniya, dahil unti-unti niyang nililikha sa kaniyang sarili ang mga ito habang siya ay nagkakaedad.

Ang paglikha ng pagka-*sino* ng tao ay dumaraan sa tatlong yugto: ang tao bilang *indibidwal*, ang tao bilang *persona,* at ang tao bilang *personalidad.*

Ang tao bilang *indibidwal* ay tumutukoy sa pagiging hiwalay niya sa ibang tao. Nang isinilang siya sa mundo, nagsimula na siyang mag-okupa ng espasyo na hiwalay sa ibang sanggol. Dahil sa kaniyang kamalayan at kalayaan, nasa kaniyang mga kamay ang pagbuo niya ng kaniyang pagka-*sino*. Ang kaniyang pagka-*indibidwal* ay isang proyektong kaniyang bubuuin habang buhay bilang nilalang na hindi *tapos* (*unfinished*). Sa kabilang dako, ang aso, kahit ipinanganak na hiwalay sa ibang aso, ay ganap ng aso mula sa kaniyang pagsilang.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang tao bilang *persona* ay isang proseso ng pagpupunyagi tungo sa pagiging ganap na *siya*. Bilang persona, may halaga ang tao sa kaniyang sarili mismo. Ito ay dahil bukod-tangi siya, hindi siya mauulit (*unrepeatable*) at hindi siya mauuwi sa anuman (*irreducible*). Ibig sabihin, hindi siya mababawasan at maibababa sa kanyang pagkatao dahil "*buo"* siya bilang tao (Dy, 2012, ph. 295). Kaya napakahalaga ang pagtuklas at pagpapaunlad niya ng kaniyang mga talento, hilig, at kakayahan upang mabuo niya ang kaniyang pagiging *sino*. Ang *persona* ang tumutukoy sa paglikha ng pagka-*sino* ng tao.

Mabubuo ko lamang ang aking sarili kung itatalaga ko ang aking pagka-*sino* sa paglilingkod sa aking kapuwa, lalo na ang mga nangangailangan.

Ang tao bilang *personalidad* ay ang pagkamit ng tao ng kaniyang kabuuan, ang resulta ng pagpupunyagi sa pagbuo ng kaniyang pagka-*sino*. Ang taong itinuturing na *personalidad* ay may mga matibay na pagpapahalaga at paniniwala, totoo sa kaniyang sarili, at tapat sa kaniyang misyon. Kaya anuman ang mga nagtutunggaliang impluwensiya ng kapaligiran o teknolohiya, hindi siya nagpapadala o naiimpluwensiyahan ng pananaw ng nakararami dahil sa kaniyang matibay na paninindigan. Mataas ang antas ng kaniyang pagka-*persona*. Ang pagkamit ng kaniyang pagka-*personalidad* ay nangangailangan ng pagbuo (*integration*) ng kaniyang pag-iisip, pagkagusto (*willingness*), pananalita, at pagkilos tungo sa isang pagpapahalagang magbibigkis sa lahat ng mga ito. Mabubuo lamang ang kaniyang sarili kung itatalaga niya ang kaniyang pagka-*sino* sa paglilingkod sa kaniyang kapuwa, lalo na ang mga nangangailangan. Ngunit hindi lahat ng tao ay *personalidad* dahil hindi nila nakamit ang mataas na antas ng kanilang pagka-*persona*.

May tatlong katangian ang tao bilang persona, ayon kay Scheler (1974, ph 37-42). Ang mga ito ay: may kamalayan sa sarili, may kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral at umiiral na nagmamahal (*ens amans*). Ang mga ito ang mga katangian ng pagpapakatao.

1. **May kamalayan sa sarili.** May kakayahan ang tao na magnilay o gawing obheto ng kaniyang isip ang kaniyang sarili. Dahil dito, alam niya na alam niya o hindi niya alam. Nagiging *mundo* ang kaniyang kapaligiran dahil sa kaniyang kakayahan na pag-isipan ang kaniyang sarili. Halimbawa, itinuturing ng isang guro bilang kaniyang mundo ang anumang tao o bagay na may kaugnayan sa kaniyang pagtuturo, tulad ng mag-aaral, banghay-aralin, pisara, at silid-aralan. Samantala, walang mundo ang hayop dahil lagi niyang dala ang kaniyang kapaligiran sa kaniyang organismo.





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ang taong may kamalayan sa sarili ay may pagtanggap sa kaniyang mga talento na magagamit niya sa kaniyang pakikibahagi sa mundo - halimbawa, sa paaralan o sa lugar kung saan siya nakikisalamuha sa mga tao. Dito nanggagaling ang positibong pagtingin niya sa sarili. Ito ang nagpapatibay ng kaniyang kalooban sa pagtugon sa kaniyang bokasyon at tunguhin sa buhay (Moga, 2005).

Dahil sa kaniyang kakayahan sa pag-iisip, napauunlad niya ang kaniyang kamalayan sa sarili. Malaki ang kakayahan niyang ilarawan at bigyang-kahulugan ang mga imahe at palatandaan ng kalikasan, kilos, at mga panaginip. Nakatutulong ang mga ito upang mabantayan at mapaghandaan niya ang mga sitwasyon sa buhay lalo na ang mga hindi kanais-nais.

2. **May kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral.** Ito ang kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga partikular na umiiral. May kakayahan siyang bumuo ng konklusiyon mula sa isang pangyayari. Halimbawa, noong nakita ni Buddha ang apat na lalaki - isang matanda, may ketong, bangkay, at pulubi, nakabuo siya ng buod ng buhay: Ang buhay ay isang pagdurusa. Sa kabilang dako, hindi alam ng gagamba na ang lamok na hindi dumikit sa kaniyang sapot ay pareho sa lamok na makakain niya na tumama sa kaniyang sapot (Scheler, 1974, ph.43).

Nakikita ng tao ang esensiya ng mga umiiral (*essence of existence*) kung humahanga at namamangha na siya sa kagandahan ng mga bagay sa kaniyang paligid, nauunawaan na niya ang layunin ng pag-iral ng mga ito, at ang kaugnayan ng mga ito sa kaniyang pag-unlad. Ang paghanga o pagkamanghang ito ay magbubunga ng kaniyang pagkamalikhain, pag-unawa, at pagiging mapanagutan sa mga bagay-bagay sa kaniyang buhay. Nalilinang ang kaniyang kakayahan na makita ang esensiya ng isang upuan at ang pagka-upuan nito, ang narra at ang pagkapuno nito, ang kaniyang guro sa EsP at ang pagka-guro nito.

Ang buod o esensiya na nabuo mula sa mga partikular na bagay na umiiral ay naghihintay ng tugon sa tao. Mula sa mga natuklasan ni Buddha na nagdulot ng kalungkutan at sobrang pagkabagabag sa kaniya, bumuo siya ng mga mahahalagang prinsipyong nararapat isabuhay ng tao upang matigil ang kahirapan. Ang pagtugon niya sa mga sitwasyong nakaantig sa kaniyang kalooban ay mahalagang kilos upang mag-isip at gumawa siya ng mga angkop at mabisang solusyon sa kahirapan.

3. **Umiiral na nagmamahal (*ens amans*).** Ang pagtugon ni Buddha ay kilos ng pagmamahal. Ang umiiral na nagmamahal ang pinakamahalagang katangian ng tao bilang persona. Ang *ens amans* ay salitang Latin na ang kahulugan ay umiiral na nagmamahal. Ang tao ay may kakayahang magmahal dahil ang puso niya ay nakalaang magmahal. Lahat ng mabuting kilos ay kilos ng pagmamahal. Kumikilos ang tao para sa kabutihan dahil siya ay umiiral na nagmamahal.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Paano mo ipinamamalas ang iyong katangian na umiiral na nagmamahal?

`Ang pagmamahal ay galaw ng damdamin patungo sa mga tao at iba pang bagay na may halaga. Ito ang pinakapangunahing kilos dahil nakabatay dito ang lahat ng pagkilos ng tao at ang tunguhin ng lahat ng mabuting kilos ay pagmamahal. Halimbawa, napansin mong tumutulo ang gripo sa palikuran ng inyong paaralan. Nangamba ka na baka lumaki ang bayarin ng paaralan sa tubig, kaya ipinaalam mo ito sa inyong guro upang maipaayos ang gripo. Ang pagmamalasakit mo ay patunay ng iyong pagmamahal, na ipinakita mo sa isang mabuting kilos - ang pagsasabi ng sirang gripo sa inyong guro.

Hindi maituturing na bulag ang pagmamahal dahil nakikita ng taong nagmamahal ang halaga ng minamahal. Kaya hindi totoo ang kasabihang *"Love is blind."* Sabi nga ni Blaise Pascal, "May sariling katwiran ang pagmamahal na hindi maunawaan ng mismong katwiran."

Ang pagmamahal ay isang galaw patungo sa *meron* (*being*) na may halaga at pagpapaunlad ng halaga ng minamahal ayon sa kalikasan nito. Nakikita ng nagmamahal na may halaga ang isang *meron* tulad ng tao, bagay, at Diyos, at gumagalaw ang pagmamahal na ito tungo sa mas mataas na pagpapahalaga na naaayon sa kalikasan ng minamahal. Ibinibigay ng nagmamahal ang sarili sa minamahal nang walang kondisyon o kapalit. Nagmamahal ka hindi upang baguhin at gawing ibang indibidwal ang iyong minamahal; bagkus, napadadaloy mo ang tunay na *siya*. Kaya mapaglikha ang pagmamahal kahit hindi madali ang pag-unlad ng minamahal.

**Sandali lang:**
Naisasabuhay mo ba ang tatlong katangian ng pagpapakatao: ang kamalayan sa sarili, kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral, at umiiral na nagmamahal? Paano makatutulong ang mga ito sa pagtupad mo sa iyong *misyon* sa buhay, ang magbibigay sa iyo ng tunay na kaligayahan?

May kilala ka bang personalidad na nagtagumpay dahil isinabuhay niya ang mga katangian ng pagpapakatao? Narito ang apat na halimbawa ng personalidad: sina Cris Valdez, Roger Salvador, Joey Velasco, at Mother Teresa.

Sa kaniyang murang edad, nagpamalas ng pagiging personalidad si Cris "Kesz" Valdez. Tumanggap siya ng International Children's Peace Prize noong 2012 isang pagkilala sa mga kabataang nagpakita ng bukod-tanging paggawa at ideya upang makatulong sa paglutas ng mga suliraning kinakaharap ng mga kabataan sa buong mundo.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




Nahubog ang pagka-persona ni Kesz sa kaniyang natuklasang misyon sa buhay - ang pagkalinga sa mga batang lansangan. Binuo niya ang "Championing Community Children" pagkatapos siyang sagipin bilang batang lansangan ni Harnin Manalaysay. Tinawag nilang "Gifts of Hope" ang ipinamimigay nila na mga tsinelas, laruan, sipilyo, kendi, at iba pa. Tinuruan nila ang mga kabataang ito na maging malinis sa katawan, kumain ng masustansiyang pagkain at ipaglaban ang kanilang mga karapatan. Ipinaunawa rin nila ang kahalagahan ng pagtutulungan at pagtuturo sa isa't isa upang lumawak ang kanilang kaalaman at kasanayan.

Dahil sa kaniyang kakayahan na impluwensiyahan at pamunuan ang mga batang lansangan, nahubog ang pagka-persona ni Kesz. Gamit ang kakayahang kunin ang buod o esensiya ng kahirapang kaniyang kinamulatan, nakita ni Kesz ang kaniyang misyong maging produktibo at makibahagi sa lipunan - sa pamamagitan ng pagkalinga sa mga batang lansangan.

Isa rin sa mga nagpunyagi upang maging personalidad si Roger Salvador, isang magsasaka na taga Jones, Isabela. Nagpasiya siyang sakahin ang lupaing minana niya sa kaniyang mga magulang pagkatapos mamasukan sa isang bangko. Dahil kulang ang kasanayan sa pagtatanim at pag-aalaga ng baboy at manok, nagsaliksik at kumunsulta siya sa mga teknikong pang-agrikultura.




**"Mani" Magsasaka Siyenstista.** Roger Salvador (left) shows his harvest. The MS is a cooperator of PCARRD's STBF project on peanut production.

Dahil sa kaniyang dedikasyon sa trabaho at pagiging bukas sa mga bagong kaalaman, napili siyang Farmer-Leader Extensionist ng Local Government Unit ng Jones, Isabela. Tinuruan din niya ang kapwa magsasaka ng iba't ibang istratehiya at makabagong teknolohiya sa agrikultura. Dahil dito, umani siya ng maraming pagkilala at parangal. Hinirang siyang "Most Outstanding Corn Farmer" ng Rehiyon 2, Finalist sa National Level ng Gawad Saka Search, at "Most Outstanding Isabelino." Itinalaga siya sa iba't ibang katungkulan upang pamunuan at matulungang umunlad ang kapwa magsasaka. Kinilala siya bilang Farmer-Scientist ng mani sa Cagayan Valley Agriculture Resources Research and Development (CVARRD). Isa siya sa mga Pilipinong tumanggap ng *Asha Variety* ng mani noong 2006 mula sa pangulo ng India.

Dahil sa pagtaguyod niya nang mapanagutan sa kaniyang pamilya naging matagumpay ang kaniyang mga anak. Bilang mamamayan, naitaas niya ang antas ng kabuhayan ng kaniyang kapuwa magsasaka. Dahil sa kaniyang pagtitiyaga, pagsisikap, at pananampalataya sa Diyos, nalampasan niya ang kahirapan, tumugon siya sa tawag ng pagmamahal, at nakamit ang tagumpay sa buhay.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sa larangan ng sining, naging tapat sa kaniyang natuklasang misyon ang personalidad na si Joey Velasco. Umani ng paghanga ang kaniyang mga *painting* sa Pilipinas at sa buong mundo dahil sa espiritwal na paraan ng pagpapahayag ng mga ito ng kawalan ng katarungan sa lipunan. Nakaaantig ang mga larawan sa kaniyang *canvass* - tila humihingi ng tugon at aksiyon para sa panlipunang pagbabago. Ang "Hapag ng Pag-asa," ang kaniyang bersiyon ng Huling Hapunan, ay naglalarawan kay Hesus na kasama ang mga batang lansangan, sa halip na mga Apostoles.

Ano ang nag-udyok kay Joey upang ituon ang kaniyang *canvass* sa mga batang lansangan? Nagkaroon siya ng malaking bukol sa bato (*kidney*) noong siya ay tatlumpo't walong gulang. Bagamat tagumpay ang kaniyang operasyon, nakaramdam siya ng labis na kalungkutan at matinding takot sa muntik niyang pagkamatay. Pagkatapos siyang magkulong sa kaniyang silid nang matagal upang manalangin at magnilay, nagkaroon ng linaw ang layunin ng kaniyang buhay at naging positibo ang pananaw niya sa kamatayan. Dito siya nagsimulang magpinta ng mga kamangha-manghang larawan. Naunawaan niya na siya at ang kaniyang talento ay instrumento upang maiparating ng Diyos ang kaniyang mga mensahe.



Tinanggap ni Joey ang misyong imulat ang mga tao sa kanilang kamalian at pagkukulang na sanhi ng kahirapan at inhustisya sa bansa sa pamamgitan ng kaniyang mga *obra maestra*. Ipinamalas niya ang pagmamahal at pagkalinga sa mga batang lansangan lalo na sa mga may sakit sa pag-iisip. Binigyan niya ng bahay sa Gawad Kalinga Village at disenteng pamumuhay ang mga batang lansangan na ginamit niyang modelo sa kaniyang pinintang *Hapag ng Pag-asa*. Umani ng maraming parangal at gantimpala ang kaniyang mga likha at ang kaniyang paglilingkod. Pumanaw si Velasco dahil sa kumplikasyon sa bato sa edad na 43 noong Hulyo 2010 habang patuloy pa rin ang pagtulong sa mga bata.

Isa ring personalidad si Mother Teresa ng Calcutta, isang madre na nagpakita ng napakalalim na antas ng pagmamalasakit sa mga mahihirap. Sobra siyang naapektuhan sa nakita niyang kahirapan ng mga tao lalo na sa mga pulubi na namamatay dahil sa matinding gutom at pagkakasakit sa lansangan. Sa kaniyang pagninilay, narinig niya ang tawag ng paglingkod sa labas ng kumbento – ang tulungan ang mga batang napabayaan, mga taong hindi minahal, at mga maysakit na hindi inalagaan. Ginamit niya ang kaniyang kaalaman sa panggagamot at kakayahan sa pagtuturo upang tugunan ang





All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

pangangailangang pisikal at espiritwal ng mga mahihirap. Ipinadama niya sa kanila ang tunay na pagmamahal at pagpapahalaga na nararapat sa tao. Nagtatag siya ng maraming kongregasyon ng mga misyonerong nakibahagi sa kaniyang adhikaing marating ng kalinga ang mga pinakamahirap na tao sa iba't ibang sulok ng mundo. Nakabuo siya ng 610 *foundation* sa 123 bansa sa buong mundo.

Kinilala si Mother Teresa sa kaniyang mga gawain kung kaya't ginawaran siya ng iba't ibang parangal, ang pinakamalaki ay Nobel Peace Prize noong 1979. Hanggang sa huling hininga ng kaniyang buhay ay hindi bumitiw sa kaniyang tungkulin. Namatay siya noong September 5, 1997 at hindi nagtagal ang kaniyang puntod ay naging lugar ng pagdarasal at paglalakbay ng mga taong may iba't ibang pananampalataya, mga mayayaman, at mga mahihirap. Tumanggap si Mother Teresa ng *canonization* noong December 20, 2002 at hindi magtatagal magiging ganap na siyang santa.

Mahalagang maunawaan ng tao ang mensahe ng mga pangyayari sa kaniyang buhay at kapaligiran (*kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral*) upang makilala ang mga hakbang sa pagtugon sa tawag ng pagmamahal (*umiiral na nagmamahal*) gamit ang kaniyang mga talento at kakayahan (*kamalayan sa sarili)*. Ang pagsasabuhay sa mga katangian ng pagpapakatao ay makatutulong sa pagtupad niya ng kaniyang misyon sa buhay na magbibigay sa kaniya ng tunay na kaligayahan.




Makikita sa mga halimbawa ang pag-unlad ng pagkatao ng apat na tao sa iba't ibang larangan - bilang *indibidwal* tungo sa pagiging *persona,* hanggang marating ang yugto ng *personalidad*. Mula sa pagiging indibidwal, nahubog niya ang pagkabukod-tangi niya bilang *persona* tungo sa pagiging *personalidad*.

Hindi madali ang pagpapakatao. Kung patuloy ang pagsisikap na paglabanan ang mga tukso at kahinaan, gabay ang pananampalataya sa Diyos, mararating ng bawat isa ang pagiging personalidad. Kaya mahalaga ang pagtukoy natin ng ating misyon, gawin ang mga angkop na hakbang sa pagtupad nito upang makatugon tayo sa tawag ng pagmamahal.

**Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

*Panuto:* Sagutin ang sumusunod sa kuwaderno.

1. Paano naipakita ni Kesz Valdez ang kamalayan sa sarili? Ipaliwanag.
2. Maituturing bang personalidad si Kap Roger? Pangatwiranan.
3. Naipahayag ba ni Joey Velasco ang kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral? Pangatwiranan.
4. Patunayan: Ang buhay ni Mother Teresa ay ginugol sa pagmamahal.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

5. Ipaliwanag ang mga yugto ng pagpapakatao gamit ang halimbawa ng isang tao na itinuturing mong isang personalidad. Banggitin ang mga hamong kinaharap niya sa buhay at paano niya nalampasan ang mga ito.
6. Paano naipakita ng tao sa Bilang 5 ang sumusunod?
   a. Kamalayan sa sarili
   b. Kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga umiiral
   c. Umiiral na nagmamahal

## Paghinuha ng Batayang Konsepto

*Panuto:* Mula sa iyong mga pagkatuto sa babasahin, tapusin ang sinimulang pangungusap upang mabuo ang Batayang Konsepto.

*Ang pag-unlad sa mga katangian* ______________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________
________________________________________________________________.

## Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?

## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

## Pagganap

### Gawain 4

*Panuto:* Paano mo maipamamalas ang tatlong *katangian ng pagpapakatao* sa iba't ibang papel na ginagampanan mo sa buhay? Sundin ang sumusunod na hakbang. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Balikan ang nabuo mong PPMB sa Gawain 2. Isulat ito sa patlang sa itaas ng matrix ng Plano ng Pagsasabuhay ng Aking Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB). Sundan ang halimbawa sa pahina 17.

2. Balikan ang mga impormasyong tinukoy mo sa Gawain 3 - ang mga papel na ginagampanan mo sa buhay at mga gawain para maisakatuparan ang bawat

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

papel. Isulat ang mga ito sa Kolum 1 at 2 ng matrix ng Plano ng Pagsasabuhay ng Aking Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB). Isulat sa Kolum 3 ang bilang ng oras na ilalaan mo sa pagtupad ng bawat gawain. Gabay mo ang halimbawa.

Halimbawa:
*PPMB ni Gng. Mary Jean Rivera:* Isang mapagmalasakit na lider at tagapagdaloy ng mga pagkatuto ng mga mag-aaral at guro tungo sa pagbuo ng isang pamayanang patuloy na nagpapaunlad ng mga kaaalaman (*community of learners*) at ng pananampalataya sa Diyos.

Plano ng Pagsasabuhay ng Aking Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB)

| Ang Aking mga Papel sa Buhay | Mga Gawain sa Bawat Papel | Panahon para sa Bawat Gawain |
|---|---|---|
| Mabuting anak ng Diyos | • Pagtatalaga ng regular na *prayer time* sa isang tahimik na lugar<br>• Pagsimba nang regular kasama ang pamilya | • 20 minuto sa madaling-araw at sa gabi bago matulog<br>• Tuwing linggo |
| Mapagkalingang ina | • Pagsubaybay at pagtuturo sa mga anak ng takdang-aralin<br>• Pagtulong sa asawa sa paghahanap-buhay upang maitaguyod ang mga pangangailangan ng mga anak<br>• Pagbibigay ng regular na panahon para makapiling ang mga anak | • 2 na oras araw-araw<br>• 6 na aros araw-araw<br>• Araw-araw |
| Mahusay na guro ng ESP | • Pag-aaral sa kalikasan, kalakasan, at kahinaan ng mag-aaral upang mailapat ang angkop na paraan ng pagkakalinga at pagtuturo sa kanila<br>• Paghahanda ng banghay-aralin na angkop sa paksang ituturo<br>• Pagsasagawa at pagdalo sa mga *seminar* upang mapaunlad ang pag-unawa at kasanayan sa mga bagong kaalaman at teknolohiya tungkol sa pagtuturo-pagkatuto<br>• Pagbuo ng malinaw na *career plan* upang maiangat ang mga kasanayan at matupad ang pangarap<br>• Paglalaan ng regular na panahon sa pagninilay gamit ang *journal* | • Sa bawat libreng oras<br>• 2 oras araw-araw<br>• 1 oras bawat buwan<br>• Sa simula ng semester<br>• Tuwing gabi |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

| | | |
|---|---|---|
| Mapanagutang mamamayan | • Pakikibahagi sa mga gawaing pampamayanan<br>• Pagtulong sa pagsasanay ng mga *facilitator* ng mga proyekto para sa kabataan | • 2 oras sa isang linggo<br>• 1 oras sa bawat buwan |

Narito ang pormat na susundin mo:

Ang aking PPMB: ____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________
____________________________________________

Plano ng Pagsasabuhay ng Aking Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB)

| Ang Aking mga Papel sa Buhay | Mga Gawain sa Bawat Papel | Panahon para sa Bawat Gawain |
|---|---|---|
| 1. | •<br>•<br>• | •<br>•<br>• |
| | | |
| | | |
| | | |

**Pagninilay**
**Gawain 5**

Panuto: Sagutin ang sumusunod sa iyong *journal:*

1. Ano-anong talento ko ang hindi ko pa lubos na nagagamit para sa paghahanda sa kolehiyo? para sa paglilingkod sa aking kapuwa? Ano-ano ang maaari kong gawin upang mapaunlad ang mga ito?
2. Nag-aalay ba ako ng regular na panahon para sa pagninilay para suriin ang sarili? para sa panalangin? Kung oo, ano-ano ang mga kabutihang naging resulta ng pagninilay na ito? Kung hindi, ano-ano ang dapat kong simulang gawin upang umunlad ako sa tatlong katangian ng pagpapakatao?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

**Pagsasabuhay**

**Gawain 6**

*Panuto:*

1. Paano mo mapauunlad ang mga katangian ng pagpapakatao sa iyong sarili? Gabay ang binuo mong *Plano ng Pagsasabuhay ng Aking Personal na Pahayag ng Misyon sa Buhay (PPMB),* gumawa ng konkretong plano gamit ang tsart sa ibaba.
2. Markahan ng tsek ( ✔ ) kung ang isinulat na plano ay naisakatuparan at ekis (x) kung hindi.
3. Ipagpatuloy ang gawaing ito sa loob ng isang buwan. Palagdaan sa magulang at guro ang bawat tsart sa katapusan ng linggo bilang katibayan ng katapatan ng ginawang pagtataya sa sarili.

Buwan : ______________

Bilang ng Linggo : ______

| Araw | Oras | Mga Gawain | Nagawa? | Mga Puna |
|---|---|---|---|---|
| Lunes | 6:00-10:00 | | | |
| | 10:00-12:00 | | | |
| | 1:00-3:00 | | | |
| | 3:00-5:00 | | | |
| | 5:00-8:00 | | | |
| Martes | 6:00-10:00 | | | |
| | 10:00-12:00 | | | |
| | 1:00-3:00 | | | |
| | 3:00-5:00 | | | |
| | 5:00-8:00 | | | |
| Miyerkules | 6:00-10:00 | | | |
| | 10:00-12:00 | | | |
| | 1:00-3:00 | | | |
| | 3:00-5:00 | | | |
| | 5:00-8:00 | | | |
| Huwebes | 6:00-10:00 | | | |
| | 10:00-12:00 | | | |
| | 1:00-3:00 | | | |
| | 3:00-5:00 | | | |
| | 5:00-8:00 | | | |
| Biyernes | 6:00-10:00 | | | |
| | 10:00-12:00 | | | |
| | 1:00-3:00 | | | |
| | 3:00-5:00 | | | |
| | 5:00-8:00 | | | |
| Sabado | | | | |
| Linggo | | | | |

_____________________________ _____________________________

Lagda ng Mag-aaral Lagda ng Magulang

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Mga Kakailanganing Kagamitan ( *websites, software,* mga aklat, *worksheet*)**

**Mga Sanggunian:**


Covey, S. (1989). *The 7 Habits of Highly Effective People.* Melbourne: McPherson's Printing Group.

Dy, M.Jr. (2013). *Ang Pagtuturo ng Pilosopiya sa K to 12 Edukasyon sa Pagpapakatao. Kaisipan*, 1(1) 18- 27

Dy, M. Jr. (2012). *Philosophy of Man*: Selected Readings. Makati City: Katha Publishing Company, Inc.

Moga, M. (2005). *The Enduring Questions: An Introduction to Philosophy*. Makati City: St Pauls.

Morato, E Jr. (2007). *Self Mastery*. Quezon City: Rex Printing Company, Inc..

Scheler, M. (1974). *Man's Place in Nature.* (Translated by Hans Meyerhoff). New York: The Noonday Press.

Scheler, M. (1974). "Ordo Amoris": *Selected Philosophical Essays.* Illinois: Northwestern University Press.


**Mula sa Internet:**


Dy, Jr., Manuel. Phenomenology of Love. Retrieved from http://books.google.com.ph/books?id=- on November 11, 2014.

_____________. *Ang Walong Landas ng Katotohanan*. Retrieved from http://tl.answers.com/Q/Ano_ang_walong_landas_ng_katotohanan on December 05, 2014.

Gellman, R.M, & Hartman, M.T. *The Eightfold Path of Buddhism.* Retrieved from http://www.dumm,ies.com/how-to/content/the-eightfold-path-of-buddhism.html on December 05, 2014.


DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# MODYUL 2: ANG MATAAS NA GAMIT AT TUNGUHIN NG ISIP AT KILOS-LOOB

## A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

Bilang persona, ano-ano ang ginagawa mo upang malinang ang iyong pagkasino? Ikaw ay isang obra maestra ng Diyos sapagka't ikaw ay nilikhang kawangis Niya. May epekto ba ang katagang ito sa iyo? Ang katagang ito ay isang pampukaw at isang hamon sa tao sa pangkalahatan kung nagagawa niyang kumilos ayon sa pagkakalikha sa kanya … ang magpakatao. Higit kanino man, ang tao ang inaasahang may malaking papel na gagampanan sa mundong kaniyang kinaroroonan at ginagalawan. Mahalaga rito ang gagawin niya sa kaniyang sariling pagkatao bilang persona upang tuluyang makamit ang kaniyang pagiging personalidad.



Bagama't sinasabing madaling maging tao ngunit mahirap magpakatao, hindi sinasabing hindi ito kayang gawin ng tao. Sa Baitang 7 ng Edukasyon sa Pagpapakatao, naging malinaw sa iyo na ang tao ay natatanging nilikhang nabubuhay sa mundo. Ano ba ang nagpapabukod-tangi sa tao sa ibang nilikhang may buhay upang makamit niya ang layunin ng pagkakalikha sa kaniya bilang tao? Sa kaniyang pag-iisip, pagpapasiya, at pagkilos, nagiging bukod-tangi ang tao.

Sa modyul na ito babalikan mong muli ang taglay mong kakayahan bilang tao upang matugunan mo ang hamon ng pagpapakatao. Paano mo nga ba gagamitin ang kakayahan na itinuturing pa ngang isang kapangyarihan? Tuklasin mo ang mahalagang perlas ng karunungang inihanda para sa iyo sa pagpapatuloy ng iyong pag-aaral ng modyul na ito. Inaasahang masasagot ang *mahalagang tanong* na: **Paano dapat gamitin ang isip at kilos-loob ng tao?**

**Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

2.1 Natutukoy ang gamit at tunguhin ng isip at kilos-loob sa angkop na sitwasyon
2.2 Nasusuri kung ginamit nang tama ang isip at kilos-loob ayon sa tunguhin ng mga ito
2.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
2.4 Nakagagawa ng mga angkop na kilos upang maipakita ang kakayahang mahanap ang katotohanang maglingkod at magmahal



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

**Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kakayahang Pampagkatuto 2.4:**

a. Nakagawa ng paglilingkod sa kapuwa araw-araw sa loob ng isang linggo
b. Naitala ang mga paraan ng ginawang paglilingkod gamit ang ibinigay na pormat
c. May patunay ng pagsasakatuparan ng paglilingkod
d. May kalakip na pagninilay

Bago simulan ang pagtalakay sa mga paksang susunod, mabuting sagutan ang maikling pagtataya bilang sukatan ng iyong mga kaalaman. Halika, simulan mo na!

## Paunang Pagtataya

*Panuto:* Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Isulat ang mga sagot sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang kakayahan ng isip na layong makakuha ng buod ng karanasan at makabuo ng kataga upang bigyan ito ng kahulugan?
   a. mag-isip
   b. makaunawa
   c. maghusga
   d. mangatwiran

*Para sa bilang 2 at 3*

| |
|---|
| Si Rona ay mahilig sa tsokolate subalit nang nagkaroon siya ng sakit na *diabetes* naging maingat na siya sa pagpili ng kaniyang kinakain kahit gustong-gusto niya nito. |

2. Bakit kaya ni Rona na kontrolin ang sarili at ang udyok ng kaniyang damdamin?
   a. ang tao ay may kamalayan sa sarili
   b. malaya ang taong pumili o hindi pumili
   c. may kakayahan ang taong mangatwiran
   d. may kakayahan ang taong mag-abstraksiyon

3. Ano ang mensaheng mabubuo tungkol sa kakayahan ng tao sa sitwasyong ito?
   a. magagawa ng taong kontrolin ang kaniyang pandamdam at emosyon at ilagay ang paggamit nito sa tamang direksiyon
   b. ang tao ang namamahala sa kaniyang sarili at walang ibang makapagdidikta sa kaniya ng kailangan niyang gawin
   c. kailangang maging maingat ang tao sa pagpili ng kaniyang kakainin upang maiwasan ang pagkakasakit
   d. hindi maaaring pantayan ng hayop ang kakayahang taglay ng tao kaya nga ang tao ay natatangi

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. “Ibinibigay ng isip ang katuwiran bilang isang kakayahan upang maipluwensiyahan ang kilos-loob.” Ano ang kahulugan nito?
   a. walang sariling paninindigan ang kilos-loob
   b. nakadepende ang kilos-loob sa ibinibigay na impormasyon ng isip
   c. kailangang maging matalino ang isip sa pamamagitan ng pag-aaral nang mabuti
   d. hindi maaaring maghiwalay ang isip at ang kilos-loob dahil magkakaugnay ang mga ito

5. Kung ang pandama ay depektibo nagkakaroon ito ng epekto sa isip. Tama ba o mali ang pahayag?
   a. Tama, dahil ang isip ay may koneksiyon sa pandama
   b. Tama, dahil ang pandama ang nagbibigay kaalaman sa isip
   c. Mali, dahil magkahiwalay ang pandama na kakayahan at isip
   d. Mali, dahil may taglay na kakayahan ang isip upang salain ang impormasyon na naihahatid dito

6. “Ang katotohanan ay ang tahanan ng mga katoto,” ayon kay Fr. Roque Ferriols. Ano ang ibig sabihin nito?
   a. ang katotohanan ay masusumpungan sa loob ng tahanan kung sama-samang hinahanap ito
   b. ang katoto ay mga taong magkakasama sa tahanan
   c. may kasama ako na makakita sa katotohanan
   d. ang katotohanan ay nakikita ng mga tao

7. Ano ang nagtutulak sa taong maglingkod at tumulong sa kapuwa?
   a. kakayahang mag-abstraksiyon
   b. kamalayan sa sarili
   c. pagmamalasakit
   d. pagmamahal

8. Nabibigyang kahulugan ng isip ang isang sitwasyon dahil sa kamalayan at kakayahang mag-abstraksiyon. Kapag nabigyan ng kahulugan ang isang bagay o sitwasyon nagkakaroon ito ng tawag (*calling*) sa tao na dapat tugunan. Ano ang kaisipan mula rito?
   a. nagkakaroon ng kabuluhan ang mabuhay sa mundo
   b. nabibigyang daan nito ang pagtulong sa kapuwa
   c. napauunlad nito ang kakayahang mag-isip
   d. nagkakaroon ng pagpipilian ang kilos-loob

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


9. Ano ang tawag kapag tumugon ang tao sa obhetibong hinihingi ng sitwasyon?
   a. pagmamahal
   b. paglilingkod
   c. hustisya
   d. respeto

10. Ang hayop ay may kamalayan sa kaniyang kapaligiran dahil may matalas itong kakayahan upang kilalanin ang bagay na nakikita, tunog, o amoy ng kaniyang paligid lalo na kung ito ay may kaugnayan sa kaniyang buhay. Mayroon din itong pakiramdam sa kung ano ang mabuti at masama para sa kaniyang kabutihan o kapakanan. Mula sa mga pahayag para saan ang kakayahang ito ng hayop?
    a. kailangang makita ang kakayahan ng hayop upang pahalagahan sila
    b. ang kumilos upang pangalagaan o protektahan ang kaniyang sarili
    c. mapaunlad ng hayop ang mga kakayahang ito
    d. upang maihalintulad ito sa kakayahan ng tao

## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

**Gawain 1**

*Panuto*: Tunghayan ang dalawang larawan at sagutan ang mga tanong at gawain sa ibaba nito. Gawin ito sa inyong kuwaderno.




| Tanong | Tao | Hayop |
|---|---|---|
| 1. Ano ang mayroon sa bawat isa upang makita ang babala? | | |
| 2. Ano ang kakayahang taglay ng bawat isa upang maunawaan ang sinasabi ng babala? | | |



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

| | | |
|---|---|---|
| 3. Ano ang kakayahang taglay ng bawat isa upang sundin ang sinasabi ng babala? | | |
| 4. Ano ang inaasahang magiging tugon ng bawat isa sa babala? | | |
| 5. Saan binatay ang pagtugon ng bawat isa sa babala? Ipaliwanag. | | |

Batay sa iyong mga naging sagot sa gawaing ito, sagutin ang sumusunod:

1. Ano ang pagkakatulad ng hayop at tao?
2. Ano ang pagkakaiba ng hayop at tao?
3. Paano kumilos ang hayop? Ang tao?
4. Ano ang natuklasan mo tungkol sa hayop at sa tao batay sa pagsusuri ng mga larawan?

Paano kaya ginagamit ng tao ang kaniyang pandama na kakayahan, emosyon, at ang kaniyang isip at kilos-loob? Upang mas lalo mo pang maunawaan ang kayang magawa ng tao dahil sa kaniyang kakayahang taglay, ipagpatuloy mong gawin ang susunod na gawain para sa iyo.

**Gawain 2A**



*Panuto*: Pag-aralan ang sumusunod na sitwasyon. Ipagpalagay mo na isa ka sa mga tauhan sa bawat sitwasyon. Sagutan ang mga tanong sa inyong kuwaderno. Humanap ng kapareha at ibahagi ito sa kaniya.

Sitwasyon 1

Magkakasama kayo ng mga kaklase mo na kumakain sa kantina. Masaya kayong nagkukuwentuhan nang biglang napunta ang usapan tungkol kay Liza, isa rin sa inyong kaklase. Wala siya sa grupo ninyo nang oras na iyon. Ayon sa isa ninyong kasama, nakikipagrelasyon ito sa isang lalaking may asawa. Kapitbahay ninyo si Liza.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Mga Tanong sa Sitwasyon 1

1. Ano ang gagawin mo sa sitwasyong ito?
2. Ano ang magiging epekto ng gagawin mo sa mga kaklase mong nagkukuwentuhan tungkol kay Liza?
3. Ano ang magiging epekto kay Liza ng gagawin mo?
4. Ano ang magiging epekto sa iyo ng gagawin mo?
5. Babaguhin mo ba ang naging pasiya mo? Bakit oo? Bakit hindi?

Sitwasyon 2

May inirekomendang pelikula ang matalik mong kaibigan na dapat mo raw panoorin dahil maganda ito ayon sa kaniya. Mag-isa kang nanonood nito sa inyong bahay ngunit sa kalagitnaan ng pelikula, may isiningit pala na malaswang eksena (pornograpiya).

Mga Tanong sa Sitwasyon 2

1. Ano ang gagawin mo sa pagkakataong ito?
2. Ano ang magiging epekto sa iyo ng gagawin mo?
3. May epekto rin ba sa ibang tao ang gagawin mo? Kanino? Pangatwiranan.
4. Gagawin mo pa rin ba ang iyong piniling gawin? Bakit?

Sitwasyon 3

Sinisiraan ka ng iyong kaibigan sa *crush* mo. Natuklasan mo na kaya niya ginawa ito ay dahil *crush* din pala niya ang *crush* mo.

Mga Tanong sa Sitwasyon 3:

1. Ano ang mararamdaman mo sa pangyayaring ito?
2. Ano ang gagawin mo sa kaibigan mo? May kaugnayan ba ito sa iyong nararamdaman o emosyon?
3. Ano ang magiging epekto nito sa kaibigan mo?
4. Ano ang magiging epekto nito sa iyo?
5. Papalitan mo ba ang iyong piniling gagawin?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

**Gawain 2B**

Batay sa naging sagot mo sa tatlong sitwasyon, tukuyin kung ano ang pinaggamitan ng iyong isip at kilos-loob sa bawat sitwasyon. Punan ang tsart sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Sitwasyon | Para saan ginamit ang: | |
|---|---|---|
| | Isip | Kilos-loob |
| 1. | | |
| 2. | | |
| 3. | | |

## C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA


**Gawain 3**

*Panuto:* Basahin ang usapan sa pagitan ng magkaibigang Buknoy at Tikboy.




Tunghayan mo kung paano sila nagbigay ng katuwiran kung tama bang mangopya sa pagsusulit o hindi. Pag-aralan ang argumento na kanilang ibinigay at ang salungat na argumento na nakasulat sa una at ikalawang hanay. Ibigay ang iyong reaksiyon. Isulat ito sa ikatlong hanay. Sagutan ang mga tanong pagkatapos nito.

**BUKNOY AT TIKBOY**





DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.









All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| Unang Argumento | Salungat na Argumento | Reaksiyon |
|---|---|---|
| Pangongopya:<br>Walang kasiyahan sa pagkakaroon ng bagsak na grado. | Walang kasiyahan sa tagumpay na hindi pinagpaguran. | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ |
| Ikalawang Argumento | Salungat na Argumento | Reaksiyon |
| Pero sino nga ba ang hindi nandaraya? Halos karamihan kung hindi man lahat, ay nag-aakala na maaari nilang balewalain ang alituntuning ito. | Pero, makatuwiran ba itong dahilan ng aking pagkopya? | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ |
| Ikatlong Argumento | Salungat na Argumento | Reaksiyon |
| Maliit na bagay lang ang pangongopya. Wala namang taong nasasaktan. | Marahil binibigyan ko lang ng katwiran ang takot kong harapin ang kahihinatnan ng hindi ko pagbalik-aral ng leksiyon. | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ |
| Ikaapat na Argumento | Salungat na Argumento | Reaksiyon |
| Para sa ibang tao, mas mahalaga ang tagumpay kaysa sa prinsipyo. | Iyan nga ang dahilan kaya magulo ang buhay, di ba? | ____________<br>____________<br>____________<br>____________ |

Hinango at isinalin mula sa aklat ni Astorga, C. *Living the Faith Option: Christian Morality.* Christian Life Education Series. FNB Educational, Inc.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Mga Tanong:

1. Ano ang natuklasan mo sa gawaing ito tungkol sa kakayahan ng iyong isip?
2. Ano ang pinagbatayan mo ng iyong pangangatuwirang ibinigay sa reaksiyon? Paano nito maapektuhan ang iyong kilos-loob?
3. Sang-ayon ka ba sa sinabi ni Tikboy na maling mangopya sa asignaturang Edukasyon sa Pagpapakatao *lamang*? Bakit?
4. Totoo ba na walang taong naaapektuhan sa pangongopya ng iba? Ipaliwanag.
5. Makatarungan ba para sa iba ang pangongopya ng ilan? Pangatwiranan.

DEPED COPY

## D. PAGPAPALALIM

*Panuto*: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay

**Ang Mataas na Gamit at Tunguhin ng Isip (*Intellect*) at Kilos-Loob (*Will*)**

Ang tao ay nilikha ayon sa wangis ng Diyos kaya't siya ay tinawag na kaniyang *obra maestra*. Naalaala mo ba ang linyang ito sa Baitang 7 ng Edukasyon sa Pagpapakatao? Ano ba ang pagkaunawa mo sa kahulugan nito?

Ang pagkakalikha ayon sa wangis ng Diyos ay nangangahulugan na ang tao ay may mga katangiang tulad ng katangiang taglay Niya. Binigyan Niya ang tao ng kakayahang mag-isip, pumili, at gumusto. Ang tao ay nilalang na may likas na kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Ang kaniyang konsensiya ay indikasyon ng naturang orihinal na katayuang ito. Ang kakayahang gumawa ng malayang pagpili ay isa pang sumasalamin sa paglalang sa tao na kawangis ng Diyos. Ang mga katangian at kakayahang ito ang nagpapaiba sa tao sa iba pang nilikha ng Diyos. Mahalagang maging malinaw sa iyo ang pagkakaiba mo bilang tao sa hayop at maging matatag ang pagkaunawa rito upang mabigyang direksiyon ang iyong kilos at malinang kung sino ka bilang tao.



Isang mahalagang konsepto na iyong nalaman tungkol sa pagkakaiba ng tao ng hayop sa Modyul 1 ay ang kaalamang ikaw, bilang tao ay nilikhang hindi *tapos* – di tulad sa hayop. Ibig sabihin, ang hayop ay walang pinaghahandaang kinabukasan sapagkat sa kapanganakan pa lamang, tukoy na kung *ano* siya sa kaniyang paglaki.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Bakit sinasabing hindi nilikhang tapos ang tao? Sapagkat walang sinuman ang nakaaalam kung ano ang kahihinatnan niya mula sa kaniyang kapanganakan, o magiging sino siya sa kaniyang paglaki. Siya ay may pinaghahandaang kinabukasan na siya mismo ang lililok para sa kaniyang sarili. Kaya nga patuloy ang pagkilos ng bawat tao patungo sa paghahanap ng mga piraso na makatutulong upang siya ay maging TAPOS.

Bakit may kakayahan ang taong buuin ang kaniyang sariling pagkatao?

Balikan natin ang kakayahang taglay ng tao. Bagama't may mga kakayahan siyang taglay rin ng hayop, nagkakaiba ang paraan kung paano ito ginagamit sa ibang pagkakataon. Ayon sa pilosopiya ni Santo Tomas de Aquino, ang tao ay binubuo ng ispiritwal at materyal na kalikasan. Kakabit ng kalikasang ito ay ang dalawang kakayahan ng tao. (E. Esteban, 1990, ph.48)

1. Ang pangkaalamang pakultad (*knowing faculty*) dahil sa kaniyang panlabas at panloob na pandama at dahil sa isip kaya't siya ay nakauunawa, naghuhusga, at nangangatwiran
2. Ang pagkagustong pakultad (*appetitive faculty*) dahil sa mga emosyon at dahil sa kilos-loob

Ipinakita ito ni Esteban gamit ang tsart sa ibaba:

| Ang Kabuuang Kalikasan ng Tao | | |
|---|---|---|
| Kalikasan ng Tao | Pangkaalamang Pakultad | Pagkagustong Pakultad |
| Materyal<br>(Katawan) | Panlabas na Pandama<br>Panloob na Pandama | Emosyon |
| Ispiritwal<br>(Kaluluwa)<br>(Rasyonal) | Isip | Kilos-loob |

Nakaaalam ang tao hindi lang dahil sa kaniyang isip kundi dahil din sa kaniyang pandama. Sa pamamagitan ng mga panlabas na pandama-, ang paningin, pandinig, pandama, pang-amoy, at panlasa, nagkakaroon ang tao ng direktang ugnayan sa reyalidad.  Ang reyalidad ang siyang nagpapakilos sa kapangyarihan o kakayahang makaalam.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means -
electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Ang mga panloob na pandama naman ay ang: kamalayan, memorya, imahinasyon, at *instinct*.

*Kamalayan* – pagkakaroon ng malay sa pandama, nakapagbubuod at nakapag-uunawa
*Memorya* – kakayahang kilalanin at alalahanin ang nakalipas na pangyayari o karanasan
*Imahinasyon* – kakayahang lumikha ng larawan sa kaniyang isip at palawakin ito
*Instinct* – kakayahang maramdaman ang isang karanasan at tumugon nang hindi dumaan sa katwiran

Ang panloob na pandama ay walang direktang ugnayan sa reyalidad kaya't dumidepende lamang ito sa impormasyong hatid ng panlabas na pandama. Mula sa impormasyong hatid ng mga panlabas na pandama na kakayahang ito, napupukaw, at kumikilos ang pagkagustong pakultad sapagkat sa bawat pagkilos ng kaalaman, nagbubunga ito ng pagkapukaw ng emosyon.

Sa bahaging ito makikitang may tatlong kakayahan na nagkakapareho sa hayop at sa tao ayon kay Robert Edward Brenan: ang **pandama** na pumupukaw sa kaalaman, pagkagusto (*appetite*) na pinagmumulan ng pakiramdam at emosyon, at ang pagkilos o paggalaw (*locomotion*). Bagama't parehong taglay ng tao at hayop ang mga kakayahan, nagkakaiba ang paraan kung paano nila ginagamit ang mga ito. Masasabing ang hayop ay may kamalayan sa kaniyang kapaligiran dahil sa may matalas siyang pakultad o kakayahan upang kilalanin ang bagay na nakikita, tunog o kaya'y amoy ng kaniyang paligid lalo na kung ito ay may kaugnayan sa kaniyang buhay. Mayroon din itong pakiramdam sa kung ano ang mabuti at masama para sa kaniyang kabutihan o kapakanan. May kakayahan din itong gumawa ng paraan upang makuha ang kaniyang ninanais. Samakatwid, ang mga kakayahang ito ng hayop ay ginagamit nang walang ibang kahulugan sa kaniya kundi upang kumilos para pangalagaan o protektahan ang kaniyang sarili.

Kung ang pandama ay depektibo, nagkakaroon ito ng epekto sa isip.

Dito naiiba ang tao sa hayop dahil bukod sa pandama, ang tao ay may isip hindi lamang upang makaalam kundi upang makaunawa at maghusga. Ang makaunawa ay ang kakayahang makakuha ng buod ng karanasan at makabuo ng kataga upang bigyan ito ng kahulugan. Ang maghusga ay ang kakayahang mangatwiran. Mayroon din siyang malayang kilos-loob bukod sa damdamin at emosyon upang magnais o umayaw. Nangangahulugan itong dahil may isip at kilos-loob ang tao, magagawa niyang pigilin ang pandama at emosyon at mailagay ang paggamit nito sa tamang direksyon. Maaaring piliin ng tao ang kaniyang titingnan o kaya'y pakikinggan at maaari niyang pigilin ang kaniyang emosyon upang hindi ito makasama sa kaniya at sa pakikitungo niya sa iba. Ito ang binanggit noong



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

ikaw ay nasa Baitang 7 na kakayahang taglay ng tao na nagpapabukod-tangi sa kaniya sa iba pang nilikha.

**Isip**




Bigyang-linaw natin ang kabuuang kalikasan ng tao upang lubos itong maunawaan. Ayon sa paliwanag ni De Torre (1980), ang kaalaman o impormasyong nakalap ng pandama ng tao ay pinalalawak at inihahatid sa isip upang magkaroon ito ng mas malalim na kahulugan. Nangangahulugan lamang na magsisimulang gumana ang isip kapag nalinang na ang pandama ng tao. Ang isip ay walang taglay na kaalaman o ideya mula sa kapanganakan ng tao. Nakukuha niya ito sa ugnayan niya sa reyalidad sa pamamagitan ng mga panlabas na pandama. Samakatwid ang kakayahang ito na nakakabit sa materyal na katawan ang nagbibigay ng kaalaman sa isip. Kung ang pandama ay depektibo, nagkakaroon ito ng epekto sa isip.

Muli, naunawaan mo sa aralin sa Baitang 7 na ang isip ay may kakayahang mag-isip, alamin ang diwa at buod ng isang bagay. Ito ay may kapangyarihang maghusga, mangatwiran, magsuri, mag-alaala, at umunawa ng kahulugan ng mga bagay. Higit sa lahat, may kakayahan itong matuklasan ang katotohanan.

Ibinibigay ng isip ang katwiran bilang isang kakayahan upang maimpluwensiyahan ang kilos-loob.

Ang pag-aaral ay isang susi sa paglinang ng isip upang matuklasan ang katotohanang kailangan ng tao sa paglinang ng kaniyang pagka-sino. Pinahahalagahan mo ba ito?

Ang katotohanan ayon kay Fr. Roque Ferriols, ay ang “tahanan ng mga katoto.” (Dy, 2012). Ibig sabihin, may *kasama ako na nakakita o may katoto ako na nakakita sa katotohanan.* Ano ang katotohanan na dapat makita? Ito ay ang *mayroon* o ang nandiyan na kailangang lumabas sa pagkakakubli at lumilitaw dahil sa pagiging bukas ng isip ng taong naghahanap nito. Halimbawa nito ay ang sakripisyo ng magulang para sa anak. Totoo itong nandiyan, ngunit kung isasarado ng anak ang kaniyang pag-iisip, hindi niya ito makikita. Sa kabilang dako, kung magiging *bukas* ang kaniyang isip, makikita niya ang sakripisyong ginagawa ng kaniyang magulang para sa kaniya. Kung totoo ito, hindi lang ito totoo sa akin, maibabahagi ko ito sa aking kapuwa at



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

makikita rin ito ng iba. Nagiging saksi siya sa katotohanang mahal siya ng kaniyang magulang. Ang katotohanan ay sumasakasaysayan (*historical*) dahil hindi hiwalay ang katotohanan sa tao, sa mga katoto na nakaaalam nito. Dagdag pa rito, ang tao ay sumasakasaysayan din - sumasakop sa nakaraan, kasalukuyan, at hinaharap. Isang halimbawa nito ay ang kaalamang ang daigdig ay *flat.* Totoo ito noong unang panahon, ang mga taong nakaaalam nito ay taong nabuhay noong unang panahon. Dahil nagbabago ang panahon, nagbabago ang tao, nag-iiba ang kanilang pananaw. Ngayon ang daigdig ay bilog. Masasabi ba nating mali sila noon? Ang sagot ay hindi, dahil noon, ang tinanggap na katotohanan ay *flat* ang daigdig. Sa natuklasang katotohanan, lalo lamang naliwanagan, lumawak, at umunlad ang kaalaman at ito ang kontribusyon natin ngayon. Nadagdagan natin ang kaalaman noon. Kaya't ang paghahanap ng isip sa katotohanan ay hindi nagtatapos; ang katotohanan ang siyang tunguhin ng isip.

Ayon kay Dy, ang isip ay may kakayahang magnilay o magmuni-muni kaya't nauunawaan nito ang kaniyang nauunawaan. Ito ang ipinaliwanag at tinalakay sa Modyul 1 na katangian ng pagpapakatao, ang kamalayan sa sarili. Dahil ang tao ay may isip, may kakayahan siyang pag-isipan ang kaniyang sarili. Kaya't sa pagtatanong ko sa sarili kung sino ako, nagmumuni-muni ako; ginagawa kong obheto ng aking pag-iisip ang sarili. Matatawag itong kakayahan ng taong lumayo o humiwalay sa sarili at gawing obheto ng kamalayan ang sarili tungo sa pagsasaibayo sa sarili (*self-transcendence*). Dahil dito, kaya niyang pigilin ang sarili, ang udyok ng damdamin at pagnanasa. Halimbawa, maaari niyang sabihin sa sariling "masarap ang pagkain pero sandali muna, hindi puwede sa akin yan." O kaya'y dahil galit ako gusto kong pagsalitaan ang kaibigan ko ng masasakit na salita, pero kung gagawin ko iyon baka masira ang aming pagkakaibigan, kaya kailangan kong magpakahinahon at kausapin na lamang siya.



Isa pa sa nagagawa ng tao dahil sa kaniyang isip ay ang kakayahang kumuha ng buod o esensiya sa mga partikular na bagay na umiiral (mag-abstraksiyon). Ito ang ikalawang katangian ng pagpapakatao na tinalakay sa Pagpapalalim sa Modyul 1. Dahil sa kakayahang ito ng isip, ang tao ay nakabubuo ng kahulugan at kabuluhan ng bagay (*man is a meaning maker*). Halimbawa nito ay ang nakikita kong paraan ng pakikitungo sa kapuwa mula sa mag-aaral na tumulong sa kaniyang guro na bitbit ang mabigat na *laptop* (hindi sa hangad na *pagsipsip*), sa magandang samahan ng magkakamag-aral, ang pakikinig sa sinasabi ng bata, at ang pagmano sa nakatatanda ay nagbigay sa akin ng kahulugan na ang pakikitungo sa kapuwa ay pagbibigay galang



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

sa kaniya. Ito ang katotohanang natuklasan ko tungkol sa pakikitungo sa kapuwa. Nagkakaroon ng sariling katayuan ang kaniyang pinag-iisipan; sa ibang pananalita, ayon pa kay Dy, *nahuhulog* ang mga bagay at tao sa isang kahulugan o katotohanan at humihingi sa tao na maging saksi, maging tapat sa katotohanan. Samakatwid, ang tao ay may kakayahang magbigay-kahulugan at maghanap ng katotohanan.

**Kilos-Loob**

Ano naman ang natatandaan mo tungkol sa kilos-loob sa Baitang 7? Inilarawan ito ni Santo Tomas bilang isang makatuwirang pagkagusto (*rational appetency*) sapagkat ito ay naaakit sa mabuti at lumalayo sa masama. Umaasa ito sa isip, kaya't mula sa paghuhusga ng isip ay sumusunod ang malayang pagnanais ng kilos-loob. Upang maunawaan ang kalikasan ng kilos-loob bilang natatanging kakayahan ng tao, mahalagang ihambing ito sa emosyonal na buhay ng hayop. Sa hayop, anuman ang mapukaw na emosyon ay kumikilos ito nang naaayon dito. Kung ito ay galit, maaari itong mangagat (depende sa kalikasan ng hayop). Samantalang sa tao, dahil may kamalayan at may kakayahan itong kumuha ng buod o esensiya sa mga bagay na umiiral, maaaring ang emosyon at ang kilos-loob ay magkakaroon ng magkaibang pagkilos. Halimbawa, maaaring piliin ng kilos-loob na hindi kumain ng masasarap na pagkain na nakahain sa mesa bagama't ang kaniyang emosyon ay naaakit dito. Kaya't maaari niyang sabihing "*Gusto ko, subalit ayaw ko sapagkat masama ang mga ito sa aking kalusugan."* Ibinibigay ng isip ang katwiran bilang isang kakayahan upang maimpluwensiyahan ang kilos-loob. Mahalaga ito sa moral na pagpili, sapagkat kailangang kilalanin ang pagkakaiba ng nararamdaman o emosyon at ang paghuhusga at pagpapasiya sapagkat may kakabit itong moral na tungkulin. Ang tao *lamang* ang makagagawa nito at hindi ang hayop. Dahil sa kamalayan at kakayahang kumuha ng buod o esensiya ng mga bagay na umiiral, nabibigyang-kahulugan ng isip ang isang sitwasyon. Dahil din sa dalawang katangiang ito, nagkaroon ng mundo ang tao (hindi lang kapaligiran), at ito ay may sariling katayuan (*object in itself*). May kahulugan ang mundo, may taglay na halaga ang sitwasyon na kinaroroonan ng tao. May tawag ang pagpapahalaga. Kapag nabigyan ng kahulugan ang isang bagay o sitwasyon, nagkakaroon ito ng tawag sa tao *(calling)* na dapat niyang tugunan. Maaaring ang tawag na ito ay ang tumulong sa kapuwa ayon sa sitwasyon. Ang tumugon sa obhektibong hinihingi ng sitwasyon ay katarungan, na minimum ng pagmamahal. May kakayahan ang taong maramdaman at gawin ito dahil sa katangian ng tao na umiiral na nagmamahal (*ens amans*), ang ikatlong katangian ng pagkatao ng tao ayon kay Max Scheler. Ang pagmamahal, ayon kay Scheler, ay ang pinakapangunahing kilos sapagkat dito nakabatay ang iba't ibang pagkilos ng tao. Ang pagmamahal ay maipakikita sa pamamagitan ng paglilingkod sa kapuwa na siyang pinagmumulan ng tunay na kaligayahan na hinahanap ng tao sa kaniyang sarili. Ayon pa rin sa kaniya, ang pagmamahal ay pagmamahalaga sa nakahihigit na halaga ng minamahal ayon sa kaniyang esensiya o buod. Tumutubo ang minamahal at nagmamahal.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Naririto ang halimbawa upang lubos na maunawaan ang talakay.

"Isang mag-asawang kapitbahay ang lumabas upang tumulong nang makita nila ang isang ina na lumilipat sa maliit na tahanan sa kabilang pintuan. Wala siyang kasama maliban sa dalawang maliit na anak. Wala siyang katulong. Humantong sila sa paggugol ng buong Sabado sa pagbubuhat ng mga kahon, paglilinis ng sahig, at pag-aliw sa dalawang batang anak na babae. Nang matapos ang trabaho, inanyayahan ng ina ang bago niyang mga kapitbahay sa hapunan nang sumunod na linggo upang ipakita ang kaniyang pasasalamat. Noong una tumanggi sila dahil kitang-kita naman na sapat lang ang pera ng babae. Ngunit iginiit ito ng babae na may luha sa kaniyang mga mata. Natanto ng mag-asawa na ang pagtanggap sa kaniyang paanyaya ay magbubunga ng higit na pagkakaibigan at paggalang kaysa sa tanggihan ito dahil sa kanyang sitwasyon." (Paglilingkod sa Kapuwa, *http://www.mormon.org/tgl/paglilingkod,* July, 2014)

Kapag pinaglilingkuran natin ang iba, napaaalalahanan tayo na walang anumang bagay sa buhay na ito ang nagtatagal maliban sa ugnayang nabuo natin sa ibang tao. Walang mas mabuting paraan para makaugnayan natin ang iba kundi sa pagtutulungan lamang para sa kabutihang panlahat. Tinatawag tayo ng Diyos na tumulong sa kapuwa upang ipadama natin ang pagmamahal sa kanila. Naranasan mo na ba ito? Ano ang iyong naging pakiramdam?

Ipinanganak man ang taong hindi TAPOS, nilikha naman siyang kawangis ng Diyos na may isip at kilos-loob upang tuklasin ang katotohanan at buuin ang kaniyang pagkatao sa pamamagitan ng pagmamahal at paglilingkod sa kaniyang kapuwa. Sa puntong ito maaaring sabihing ang ginawang paglikha ng Diyos ay hindi pa tapos, nagpapatuloy ito sa kamay ng mga taong nagsisikap lilukin ang kanilang kinabukasan, mga taong nagsisikap paunlarin ang kanilang sarili at abutin ang pagka-sino ng kanilang pagiging tao. Samakatuwid, magagawa ng taong magpakatao at linangin ang mga katangian ng kaniyang pagkatao dahil sa kaniyang isip at kilos-loob. Nagkakaroon ng kabuluhan ang buhay ng tao kung inilalaan ito sa pagsasabuhay ng katotohanan, sa pagmamahal, at sa paglilingkod sa kapuwa. Sa palagay mo, patungo ka kaya rito?

Kapag pinaglingkuran natin ang iba, napaaalalahanan tayo na walang anumang bagay sa buhay na ito ang nagtatagal maliban sa ugnayang nabuo natin sa ibang tao, at walang mas mabuting paraan upang makipag-ugnayan sa iba kundi sa pagtutulungan lamang para sa kabutihang panlahat.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


DEPED COPY

**Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

1. Ano ang ibig sabihin na ang tao ay hindi tapos? Ipaliwanag.
2. Ano ang taglay ng tao upang makaya niyang buuin ang kaniyang pagkatao? Ipaliwanag.
3. Batay sa iyong nabasa, ano ang kakayahan ng isip? ng kilos-loob?
4. Anong bagong katuturan ng katotohanan ang iyong natuklasan mula sa babasahin?
5. Paano nagkakaugnay ang isip at kilos-loob sa katangian ng pagkatao ng tao?
6. Ayon kay Scheler ang pagmamahal ay ang pinakapangunahing kilos ng tao. Ipaliwanag ang kahulugan nito.

**Paghinuha ng Batayang Konsepto**

Ano ang naunawaan mong mahalagang konsepto sa babasahin? Isulat ito sa iyong kuwaderno gamit ang kasunod na *graphic organizer*




**Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao**

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.


## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

**Pagganap**
**Gawain 4**

Basahin ang sitwasyon at sundin ang panuto sa ibaba nito:

Maganda ang *performance* mo sa iyong pag-aaral. Napatunayan mo na ang iyong kakayahan mula pa noong ikaw ay nasa mababang taon ng sekondarya. Subali't mula nang nakilala mo at naging barkada si Rolly na mahilig sa *internet gaming* at walang interes sa pag-aaral, naimpluwensiyahan ka niya. Napabayaan mo na rin ang iyong pag-aaral. Nanganganib din na hindi mo matapos ang Junior High School sa taong ito. Kinausap ka ng iyong ama, hinihingi niya sa iyo na sabihin sa kaniya ang iyong katuwiran sa iyong naging pasiya at ang plano mong gagawing solusyon kaugnay nito.

Isulat ang iyong mga katuwiran sa naging pasiya mo kaugnay ng iyong pag-aaral at ang gagawing solusyon kaugnay nito sa mga *speech balloon*. Maaaring gawing gabay ang usapan ng magkaibigang Buknoy at Tikboy sa bahaging Paglinang. Kung hindi tugma ang sitwasyong ito sa iyo, ilahad at gawin ang naaayon sa iyong sariling karanasan.



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Pagninilay**
**Gawain 5**

*Panuto:* Pagnilayan ang sumusunod. Isulat sa *journal* ang iyong reyalisasyon tungkol sa mga ito.

1. Nagagawa ko bang gamitin ang aking isip tungo sa pagtuklas ng katotohanan?
2. Nagagawa ko bang gamitin ang aking kilos-loob upang magmahal at maglingkod?
3. Ano ang plano kong gawin kaugnay nito?

Ano-ano ang aking mga tanong kaugnay ng paksang ito:

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

______________________________________________

**Pagsasabuhay**
**Gawain 6**

Hindi sapat na nabubuhay tayo sa araw-araw at nagagawa natin ang ating nais. Ang mahalagang tanong na kailangan nating sagutin sa ating sarili ay: nabubuhay ba ako nang may layunin at makabuluhan?

Gawin mong makabuluhan ang iyong buhay sa pamamagitan ng paggawa nito.

1. Nasaan ka mang lugar araw-araw (sa bahay, sa paaralan, sa bus, o iba pa), mahalagang maging mapagmasid at maging sensitibo ka sa kapuwa at sa iyong paligid.
2. Maghanap ka ng pagkakataong makatulong gaano man ito kasimple. Ituon mo ang iyong pansin at isip sa mga tao na sa tingin mo ay nangangailangan ng tulong, kilala mo man sila o hindi. O kaya naman maging mapagmasid sa mga sitwasyon na kailangan mong tumugon sa hinihingi ng pagkakataon.
3. Gumawa ng paraan upang makatulong o tumugon sa hinihingi ng sitwasyon sa abot ng iyong makakaya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Halimbawa:

1. Napansin mong maraming takdang-araling kailangang tapusin ang iyong kapatid. Nagmamadali na, siya pa ang naatasang maghugas ng inyong pinagkainan sa hapunan. Inako mo na lang ang paghuhugas (o kaya'y tinulungan mo sa paggawa ng takdang-aralin).
2. Pagpasok mo sa inyong silid-aralan isang umaga, hindi pala nakapaglinis ang *cleaner* ng nakaraang araw kaya marumi ang inyong silid. Hindi ka *cleaner* ng araw na iyon pero naglinis ka at hinikayat din ang iba na tumulong na.
3. Naglileksiyon ang inyong guro, aktibo ring nakikisali sa gawain at talakayan ang iyong mga kamag-aral. Maganda ang paksa at alam mong mahalaga ang mensahe ng aralin na maunawaan mo subalit hindi ka nakikinig at iniisip mo ang paglalaro sa *internet* pag-uwi mo sa bahay. Napagtanto mong mali ang ginagawa mo kaya't pinilit mong magkaroon ng pokus at nakisali sa gawain ng klase.

4. Huwag hayaang lumipas ang araw na wala kang nagawa. Gawin ang gawaing ito araw-araw sa loob ng dalawang linggo. Maaaring gamitin ang ganitong pormat:

| Petsa / Oras | Sitwasyon | Tugon o Ginawa | Resulta |
|---|---|---|---|
| | | | |
| | | | |

5. Ipaalam sa magulang ang gawain mong ito. Hingin ang kaniyang tulong at suporta sa pagsasagawa nito upang masiguro ang pagsasakatuparan.
6. Isulat ang iyong naramdaman at reyalisasyon mula sa gawaing ito sa iyong *journal* o kuwaderno. Ibahagi ito sa iyong magulang o kapamilya at palagdaan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Mga Kakailanganing Kagamitan (*websites*, *software*, mga aklat, *worksheet*)**

**Mga Sanggunian:**


Astorga, C. *Living the Faith Option: Christian Morality.* Christian Life Education Series. Quezon City: FNB Educational, Inc.

Brenan, R. (1948). T*he Image of His Maker*. Milwaukee: The Bruce Publishing Company

De Torre, J. (1980) *Christian Philosophy*. Sinag-Tala Publishers. Manila.

Dy, M. Kaisipan, Ang Opisyal na Dyornal ng Isabuhay, Saliksikin, Ibigin ang Pilosopiya (ISIP). Vol. No.1

Esteban, E. (1989). Education in Values: *What, Why And For Whom*. Manila: Sinag-Tala Publishers

De George, Richard T. (1966) *Ethics and Society; Original Essays on Contemporary Moral Problems.* New York: Anchor Books Doubleday and Company


**Mula sa Internet**


Paglilingkod sa Kapwa retrieved from http://www.mormon.org/tgl/paglilingkod on July 18, 2014

Edukasyon sa Pagpapakatao retrieved from aque109450blogspot.com on August 20, 2014



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

# MODYUL 3: PAGHUBOG NG KONSENSIYA BATAY SA LIKAS NA BATAS MORAL

## A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?




Sa Modyul 1, naitanong sa iyo na "Sa bawat kilos mo, anong uri ng tao ang binubuo mo sa iyong sarili?" Ano ang epekto ng tanong na ito sa iyo? Bilang *persona* na patuloy na nililinang ang iyong pagka-*sino,* nakatitiyak ka ba na mabuti ang bawat pasiya at kilos mo? Nabanggit naman sa Modyul 2 na bilang natatanging nilikha, ang tao ay binigyan ng *isip* kaya't may kakayahan siyang magnilay at magmuni-muni dahil may kamalayan siya sa kaniyang sarili. Bukod dito, ang isip ay may likas na kaalaman tungkol sa mabuti at masama. Ito ang tinatawag na *konsensiya*.

Siguradong narinig mo na ang payo na, *"Gawin mong gabay ang iyong konsensiya"* o di kaya, *"Makinig ka sa iyong konsensiya."* Naunawaan mo ba ang tunay na kahulugan ng pahayag na ito? Ano ang bahaging ginagampanan ng konsensiya sa pagpapaunlad ng tao sa kaniyang pagkatao bilang *persona* upang tuluyang makamit ang pagiging *personalidad*?

Ang konsensiya ay ang batayan ng kaisipan sa paghuhusga ng tama o mali. Ngunit naitanong mo na ba sa iyong sarili kung paano nga ba nalalaman ng konsensiya na tama o mabuti ang isang kilos samantalang mali o masama ang iba? Ibig bang sabihin nito ay laging tama ang hatol ng konsensiya at hindi ito kailanman nagkakamali? Paano natin huhubugin ang ating konsensiya upang kumiling ito sa mabuti? Ito at marami pang ibang mga tanong ang sasagutin sa modyul na ito. Sa pamamagitan ng mga gawain at babasahin sa araling ito ay inaasahang masasagot mo ang *mahalagang tanong* na: **Paano huhubugin ang konsensiya upang magsilbing gabay sa mabuting pagpapasiya at pagkilos?**

**Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa:**

3.1 Nakikilala ang mga yugto ng konsensiya sa pagsusuri o pagninilay sa isang pagpapasiyang ginawa
3.2 Nakapagsusuri ng mga pasiyang ginawa batay sa mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3.3 Napatutunayan ang Batayang Konsepto
3.4 Nakagagawa ng angkop na kilos batay sa konsensiyang nahubog ng Likas na Batas Moral

**Narito ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa Kasanayang Pampagkatuto 3.4:**

a. Naitala ang mga pasiya at kilos na isinagawa sa loob ng isang linggo
b. Natukoy kung mabuti o masama ang pasiya at kilos batay sa konsensiyang nahubog sa Likas na Batas Moral
c. Nailahad nang malinaw ang mga hakbang na gagawin upang mapaunlad ang pasiya at kilos
d. May kalakip na pagninilay

## Paunang Pagtataya

*Panuto:* Basahin mabuti ang bawat pangungusap at unawain ang tanong. Piliin ang titik ng pinakaangkop na sagot at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang sumusunod ay katangian ng Likas na Batas Moral maliban sa:
   a. Ito ay sukatan ng kilos
   b. Ito ay nauunawaan ng kaisipan
   c. Ito ay pinalalaganap para sa kabutihang panlahat
   d. Ito ay personal at agarang pamantayan ng moralidad ng tao

2. Ang sumusunod at mga pangalawang prinsipyo ng Likas na Batas Moral maliban sa:
   a. Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang ating buhay
   b. Kasama ng mga hayop, likas sa tao ang pagpaparaming uri at papag-aralin ang mga anak
   c. Bilang rasyonal, may likas na kahiligan ang tao na alamin ang katotohanan, lalo na tungkol sa Diyos at mabuhay sa lipunan
   d. Bilang tao na nilikha ng Diyos may puwang ang tao na magkamali dahil sa pagkakamali mas yumayaman ang kaalaman at karanasan ng tao

3. Bakit mahalagang mahubog ang konsensiya ng tao?
   a. Upang makilala nang tao ang katotohanan na kinakailangan niya upang magamit niya nang tama ang kaniyang kalayaan
   b. Upang matiyak na hindi na magkakaroon ng pagtatalo sa pagitan ng tama at mali, ng mabuti ay masama sa kaniyang isipan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

c. Upang matiyak na palaging ang tamang konsensiya ang gagamitin sa lahat ng pagkakataon
d. Lahat ng nabanggit

4. Paano mas mapalalakas at gagawing makapangyarihan ang konsensiya?
   a. Kung simula pagkabata ay imumulat na ang anak sa lahat ng tama at mabuti
   b. Kung mapaliligiran ang isang bata ng mga taong may mabuting impluwensiya
   c. Kung magiging kaisa ng konsensiya ang Likas na Batas Moral
   d. Kung magsasanib ang tama at mabuti

*Para sa bilang 5 at 6:* Suriin ang sitwasyon.

| |
|---|
| May suliranin sa pera ang pamilya ni Louie. Isang araw, may dumating na kolektor sa kanilang bahay, ngunit wala silang nakahandang pambayad. Inutusan si Louie ng kaniyang ina na sabihing wala siya at may mahalagang pinuntahan. Alam niyang dapat sundin ang utos ng ina. Sa kabilang banda, alam din niyang masama ang magsinungaling. Sa pagkakataong ito, ano kaya ang magiging hatol ng konsensiya ni Louie? Ano ang dapat niyang maging pasiya? |

5. Alam ni Louie na dapat sundin ang kaniyang ina ngunit alam din niyang masama ang magsinungaling. Anong yugto ng konsensiya ang tinutukoy sa pangungusap na ito?
   a. Unang yugto
   b. Ikalawang yugto
   c. Ikatlong yugto
   d. Ikaapat na yugto

6. Alin sa sumusunod ang dapat gawin ni Louie batay sa hatol ng kaniyang konsensiya?
   a. Iutos sa kasambahay na sabihing wala ang may-ari ng bahay.
   b. Harapin ang kolektor at sabihing wala ang kaniyang ina.
   c. Magtago sa silid at hayaang maghintay ang kolektor.
   d. Tumawag ng pulis at isuplong ang kolektor.

7. "Malinaw sa atin ang sinasabi ng ating konsensiya: *gawin mo ang mabuti, iwasan mo ang masama*. Ngunit hindi ito nagbibigay ng katiyakan na ang mabuti ang pipiliin ng tao." Ano ang ibig sabihin ng pahayag na ito?
   a. Sa lahat ng pagkakataon, tama ang hatol ng ating konsensiya.
   b. May mga taong pinipili ang masama dahil wala silang konsensiya.
   c. Maaaring magkamali sa paghatol ang konsensiya kaya mahalagang mahubog ito upang kumiling sa mabuti.
   d. Kumikilos ang ating konsensiya tuwing nakagagawa tayo ng maling pagpapasiya.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

8. Ang konsensiya ang batayan ng isip sa paghuhusga ng mabuti o masama. Ngunit ito pa rin ay ang subhetibo, personal, at agarang pamantayan ng moralidad ng tao kaya may mas mataas na pamantayan pa kaysa rito. Ano ang itinuturing na pinakamataas na batayan ng kilos?
   a. Ang Sampung Utos ng Diyos
   b. Likas na Batas Moral
   c. Batas ng Diyos
   d. Batas Positibo

9. Ang tao ay nilikha na may likas na pagnanais sa mabuti at totoo at binigyan ng kakayahan upang malaman kung ano ang mabuti at totoo. Sa kabila nito, bakit kaya maraming tao ang gumagawa pa rin ng bagay na masama?
   a. Kahit alam na ng tao ang mabuti, pinipili pa rin ng ilan ang masama.
   b. Higit na madaling gawin ang masamang bagay sa mabuti.
   c. Madaling maimpluwensiyahan ang tao ng umuusbong na bagong kultura.
   d. Hindi tuluy-tuloy ang pagpili ng tao sa mabuti kaya't nalilito siya.

10. Alin sa sumusunod ang maituturing na kamangmangan na di madadaig?
   a. pagbili sa inaalok na *cellular phone* ng kapitbahay sa murang halaga dahil ito ay galing sa masama
   b. pagbibigay ng limos sa mga bata sa kalye dahil sa awa ngunit ipinambili lamang ng *rugby*
   c. pagpapainom ng gamot sa kapatid na may sakit kahit di-tiyak kung makabubuti ito
   d. pagtawid sa maling tawiran dahil walang paalala o babala na bawal tumawid

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

**Gawain 1**

*Panuto*: Basahin at unawain ang bawat sitwasyon sa ibaba. Sakaling ikaw ang maharap sa ganitong pangyayari, ano ang iyong gagawin? Tuklasin mo ang iyong gagawing pagpapasiya sa bawat sitwasyon. Isulat ang mga paraan o hakbang ng pagkilos ng iyong *konsensiya* na maaaring makatulong sa iyong gagawing pasiya. Gabay mo ang unang sitwasyon bilang halimbawa. Sagutin ang mga tanong pagkatapos. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Sitwasyon | Paraan o Hakbang ng Pagkilos ng Konsensiya |
|---|---|
| 1. Pagkatapos ng klase, inanyayahan si Janine ng kaniyang mga kaibigan na pumunta sa *mall* at manood ng sine. Matagal na rin mula ng huli silang nakalabas bilang isang grupo. Bago matapos ang palabas, biglang tumawag ang kaniyang ina at pilit siyang pinauuwi. Mahigpit na ipinagbabawal ng kaniyang mga magulang ang pamamalagi sa labas, lalo na kung gabi na. Ngunit sinabihan si Janine ng kaniyang mga kaibigan na kapag sinunod niya ang kaniyang ina, ititiwalag na siya sa kanilang barkada at hindi na iimbitahan pa sa alinmang lakad ng barkada kailanman. Ano ang dapat gawin ni Janine? | Unang Hakbang: *Kailangang sumunod sa payo o utos ng magulang lalo na kung para ito sa pansariling kaligtasan.*<br><br>Ikalawang Hakbang: *Likas sa tao na gawin ang mabuti at iwasan ang masama. Itinuturing na masamang gawain ang hindi pagsunod sa magulang.*<br><br>Ikatlong Hakbang: *Kung ako si Janine, susundin ang hatol ng aking konsensiya na makinig sa utos ng aking ina at umuwi nang maaga, kahit ikagalit pa ito ng aking mga kaibigan.*<br><br>Ikaapat na Hakbang: *Mapatutunayan ko na mabuti ang aking naging pasiya na sundin ang utos ng aking ina dahil para ito sa aking kaligtasan. Bukod dito, kung tunay ang pagkakaibigan na mayroon kami ng aking barkada, hindi nila ako papayuhan nang masama tulad ng pagsuway sa aking magulang.* |



DEPED COPY

All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

| | |
|---|---|
| 2. Nalalapit na ang markahang pagsusulit sa paaralan nila John nang kausapin siya ng kaniyang ama. Ayon kay Mang Jun, bibilihin niya ang pinakabagong modelo ng *cellphone* na gustung-gusto ng kaniyang anak, sa kondisyon na makakuha siya ng mataas na marka sa lahat ng asignatura. Magandang motibasyon ito para kay John kaya't naghanda at nag-aral siya nang mabuti. Nang dumating ang araw na pinakahihintay, napansin ni John na wala sa kaniyang pinag-aralan ang mga tanong sa pagsusulit. Kahit kinakabahan, sinimulan niyang sagutin ang mga tanong. Dahil hindi sigurado, makailang beses siyang natuksong tumingin sa sagutang papel ng kaniyang katabi lalo na kapag hindi nakatingin ang guro. Naisip niya na ito lamang markahang ito siya mangongopya at hindi na niya ito uulitin pa. Bukod dito, ayaw niyang mawala ang pagkakataon na mapasaya ang kaniyang ama at magkaroon ng bagong *cellphone*. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni John, ano ang gagawin mo? | Unang Hakbang: ______________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>Ikalawang Hakbang: ___________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>Ikatlong Hakbang: _____________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>Ikaapat na Hakbang: ___________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |
| 3. Nais ni Mark na maging isang inhinyero balang-araw. Nag-aaral siya nang mabuti upang makapasok sa pinakamahusay na pamantasan pagdating ng kolehiyo. Ngunit kahit ginagawa na niya ang lahat, hindi pa rin siya makakuha ng matataas na marka. Isang kaibigan ang nag-alok ng tulong upang makapasa siya sa *entrance exam* ng isang sikat na pamantasan, kapalit ng malaking halaga. Walang hawak na pera si Mark at alam niyang hindi siya maaaring humingi sa kaniyang ama para ibigay sa kaibigan. Isang araw, binigyan siya ng pera ng kaniyang ama upang ibili ng aklat na kailangan niya sa paaralan. Napag-isip-isip niya na ang halagang iyon ay sapat na upang makapasok sa sikat na pamantasan at makuha ang gusto niyang kurso. Hindi niya malaman kung bibili siya ng aklat na pangunahing kailangan o ibibigay ito sa kaibigan. Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Mark, ano ang gagawin mo? | Unang Hakbang: ______________<br>______________________________<br>______________________________<br>Ikalawang Hakbang: ___________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>Ikatlong Hakbang: _____________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________<br>Ikaapat na Hakbang: ___________<br>______________________________<br>______________________________<br>______________________________ |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Sagutin ang mga tanong:

a. Naging madali ba sa iyo ang pagsagot sa gawain? Bakit?
b. Ano ang iyong naging pasiya sa bawat sitwasyon? Sa iyong palagay, tama ba ang iyong pasiya? Pangatwiranan ang iyong sagot.
c. Ano-ano ang mga hakbang o proseso ng pagsusuri ng konsensiya na nakatutulong upang makabuo ka ng isang mabuting pasiya?

## C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

DEPED COPY

**Gawain 2**

*Panuto:* Pagkatapos mong matukoy ang mga hakbang kung paano kumikilos ang iyong konsensiya, maaaring magamit ito sa paggawa ng mabuting pasiya.

1. Balikan ang mga sitwasiyon sa itaas at isulat ang naging tugon mo sa bawat isa.
2. Tukuyin kung ano ang iyong naging batayan/prinsipyo sa pagbuo ng iyong pasiya.
3. Gamiting gabay ang pormat sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

| Sitwasyon | Pasiya | Batayan ng Pagpapasiya |
|---|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | | |

4. Matapos ang gawain, sagutin mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:
   a. Naging madali ba para sa iyo ang makabuo ng pasiya sa bawat sitwasyon? Bakit?
   b. Bakit kailangang pakinggan ang ating konsensiya? Nakatutulong ba ito upang makabuo tayo ng mabuting pasiya? Pangatwiranan.
   c. Paano tayo makasisiguro na tama ang naging hatol ng ating konsensiya upang matiyak na mabuti ang kilos na isasagawa? Ipaliwanag.
   d. Ano ang batayan ng ating konsensiya sa pagpili sa mabuti o masama?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## D. PAGPAPALALIM

*Panuto*: Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay

### Paghubog ng Konsensiya Batay sa Likas na Batas Moral



Noong bata ka pa, naniwala ka ba na ang konsensiya ay isang anghel na bumubulong sa ating tainga kapag tayo ay gumagawa ng hindi mabuti? O itinuturing mo ito bilang "tinig ng Diyos" na kumakausap sa atin sa tuwing magpapasiya tayo? Anuman ang iyong paniniwala, hindi natin makalilimutan ang payo ng mga nakatatanda na sundin ang ating konsensiya. Pero paano natin masisigurado na tama ang sinasabi ng ating konsensiya?

Naunawaan mo sa Baitang 7 na ang konsensiya ang isa sa mga kilos ng isip na nag-uutos o naghuhusga sa mabuting dapat gawin o sa masamang dapat iwasan. Malaki ang bahaging ginagampanan nito sa pagsisikap ng tao na makapagpasiya at makakilos nang naaayon sa kabutihan. Ngunit paano ba nalalaman ng konsensiya ang mabuti at masama, ang tama at mali? Paano natin huhubugin ito upang kumiling o tumungo ang ating mga pasiya at kilos sa kabutihan?



Sa ating buhay, humaharap tayo sa maraming katanungan gaya ng "ano," "alin," "paano," at "bakit." Kailangang gumawa tayo ng mga pasiya mula sa ating pagkagising sa umaga hanggang sa pagtulog sa gabi. Ang ilan sa mga pasiyang ginagawa natin ay maituturing na pangkaraniwan lamang, samantalang ang iba ay may kabigatan dahil nakasalalay sa mga ito ang pagbuo ng ating pagkatao at ang kapakanan ng kapuwa. Sa mga sitwasyong nabanggit, ginagamit natin ang ating konsensiya. Ang konsensiya ang pinakamalapit na pamantayan ng moralidad na gumagabay sa ating pamumuhay tungo sa kabutihan. Marahil ang pinakatumpak at pinakasimpleng paliwanag sa konsensiya ay ang praktikal na paghuhusga ng isipan na magpapasiya na gawin ang mabuti at iwasan ang masama (Lipio, 2004, ph. 2).

Sa puntong ito, susubukan nating palalimin at palinawin ang galaw ng konsyensiya ng isang tao. Sa pag-unawa nito, makapagbibigay tayo ng paliwanag kung paano nagiging gabay ang konsensiya sa tamang pagpapasiya at pagkilos.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Pag-isipan:

1. Paano nalalaman ng konsensiya ang tama at mali?
2. Paano mahuhubog ang konsensiya upang piliin ang mabuti?

**Kahulugan ng Konsensiya**

Sa ating pang-araw-araw na pakikibaka sa buhay, ginagamit natin ang ating konsensiya nang hindi natin namamalayan. Mahalagang maunawaan nang mabuti kung ano talaga ito dahil malaki ang maitutulong nito sa pagpapaunlad ng ating pagkatao at ng ating ugnayan sa ating kapuwa at sa Diyos.

Sa pamamagitan ng konsensiya, natutukoy ang kasamaan at kabutihan ng kilos ng tao. Sa pagkakakilala ng marami, sinasabing ang konsensiya ang munting tinig sa loob ng tao na nagbibigay ng payo at nag-uutos sa kaniya sa gitna ng isang moral na pagpapasiya kung paano kumilos sa isang kongkretong sitwasyon (Clark, 1997). Waring bumubulong ito palagi sa tagong bahagi ng ating sarili na "ito ay mabuti, ito ang kinakailangan mong gawin, ito ang nararapat" o kaya naman ay "ito ay masama, hindi mo ito nararapat na gawin." Ang munting tinig na ito ay hindi lamang nagsasabi ng mabuting dapat gawin o ng masamang dapat iwasan kundi nagpapahayag ng isang *obligasyon* na gawin ang mabuti, naghahayag nang may awtoridad at nagmumula sa isang mataas na kapangyarihan.

> Ang konsensiya ang munting *tinig sa* loob ng tao na nagbibigay ng payo sa tao at nag-uutos sa kaniya sa gitna ng isang moral na pagpapasiya kung paano kumilos sa isang kongkretong sitwasyon.

Ngayon ay inaanyayahan kitang suriin ang isang sitwasyon mula sa aklat ni Felicidad Lipio (2004 ph. 3-4).




Gagarahe na sana ang drayber ng *taxi* na si Mang Tino nang matuklasan niya na may nakaiwan ng pitaka sa likod ng upuan ng sasakyan niya. Nang buksan niya ito ay natuklasan niya na marami itong laman; malaking halaga na maaari na niyang gawing puhunan sa negosyo. May nakabukod ding mga papel na dolyar sa kabilang bulsa ng pitaka. Walang nakakita sa kaniya kaya minabuti niya na itabi ang pera. "Malaki ang maitutulong nito sa pamilya ko," sabi niya sa sarili.

Noong dumating ang gabi ay hindi siya mapakali. Sa kalooban niya, nararamdaman niyang para siyang nalilito. Bago dumating ang umaga, nagbago na ang isip niya. "Hahanapin ko ang may-ari ng pitaka at isasauli ko ito," nasabi niya sa sarili.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Kung ikaw ang nasa kalagayan ni Mang Tino, ano ang gagawin mo?

Ayon kay Lipio, hindi mapakali o walang kapayapaan si Mang Tino dahil sa binagabag siya ng kaniyang konsensiya. Ito ang nagbigay-liwanag sa kaniyang isip upang makita ang kaniyang obligasyong moral na maging matapat. Ito ang nag-udyok sa kaniya na isauli ang pera sa may-ari.


Kaugnay ng paliwanag sa itaas, makikita sa halimbawang ito ang dalawang elemento ng konsensiya. Una, ang *pagninilay* upang maunawaan kung ano ang tama o mali, mabuti o masama; at *paghatol* na ang isang gawain ay tama o mali, mabuti o masama. Pangalawa, ang *pakiramdam* ng obligasyong gawin ang mabuti.

Sa madaling salita, isang *paghatol* ang ginagawa ng konsensiya kapag sinasabi nito sa atin na ang isang kilos ay masama at hindi dapat isagawa. Ngunit kung susuwayin ang konsensiya at ipagpapatuloy ang paggawa ng masama, masasabing ito'y isang *paglabag* sa likas na pagkiling ng tao: ang mabuti.

> Ang konsensiya ay isang natatanging kilos pangkaisipan, isang paghuhusga ng ating sariling katuwiran.

Binigyang-diin ni Lipio ang kahalagahan ng pag-unawa sa dalawang mahalagang bahagi ng konsensiya: (1) ang *paghatol moral* sa kabutihan o kasamaan ng isang kilos, at (2) ang *obligasyong moral* na gawin ang mabuti at iwasan ang masama.

Ayon kay Santo Tomas de Aquino (Clarke, 1997), ang konsensiya ay isang natatanging kilos pangkaisipan, isang paghuhusga ng ating sariling katuwiran. Sa pamamagitan nito, nailalapat ng tao ang batas na naitanim sa ating puso mula pa noong ating kapanganakan. Sa mga partikular na sitwasyon na ating kinakaharap sa bawat araw, tumatawag ito sa atin upang gumawa ng pagpili o pasiya. Ayon pa rin sa kaniya, ang konsensiya ay ang kapangyarihang pumapagitna sa dalawang ito. Ito ang humuhusga kung paano ilalapat ang pangkalahatang kaalaman na ito sa partikular na sitwasyon na ating kinakaharap at gumagabay sa atin na magpasiya kung ano ang mabuting kinakailangang gawin at masamang kinakailangang iwasan.




Malinaw sa atin ang sinasabi ng ating konsensiya: *Gawin mo ang mabuti, iwasan mo ang masam*a. Ngunit hindi ito nagbibigay ng katiyakan na ang *mabuti* ang pipiliin ng tao. Nagkakaroon ng pagtitimbang sa pagitan ng tama at maling katuwiran sa loob ng tao. Maraming mga impormasyon ang pumapasok sa kaniyang isipan. At ang mismong sarili rin ang nagbibigay ng katuwiran laban sa magkabilang panig. Kung ano ang naging kilos, iyon ang naging bunga ng ginawang pagtitimbang at pagpili kasama ang isip, kilos-loob, at damdamin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Kung mabuti ang kilos, nangangahulugan ito na ang kaalaman ng tao tungkol sa katotohanan ay tama. Ngunit kung masama ang ikinilos, nangangahulugan ito na taliwas sa katotohanan ang taglay niyang kaalaman o hindi pa gaanong matatag ang kaniyang paninindigan sa mabuti.

Mahihinuha mula sa paliwanag sa itaas na maaaring magkamali ang paghuhusga ng konsensiya kung tama o mali ang isang kilos. Ngunit hindi lahat ng maling gamit ng konsensiya ay maituturing na masama. May mga pagkakataon na hindi ito kinikilalang masama dahil sa kamangmangan ng tao. Ang kamangmangan ay *kawalan ng kaalaman* sa isang bagay. Lumilitaw ito sa mga pagkakataong kinakailangang gamitin ang kaalaman sa isang pagkakataon. Halimbawa, lilitaw lamang ang kamangmangan ng isang tao sa isang konsepto kung ito ay itinanong sa isang pagsusulit. Hindi pa matataya ang kawalan ng kaalaman dito kung hindi dahil sa pagsusulit.

May dalawang uri ng kamangmangan na mahalagang maunawaan upang mataya kung kailan maituturing na masama ang maling paghuhusga ng konsensiya.

**Mga Uri ng Kamangmangan**

1. *Kamangmangang madaraig (vincible ignorance)*. Ang kamangmangan ay madaraig kung mayroong pamamaraan na magagawa ang isang tao upang malampasan ito at ang pagkakaroon ng kaalaman dito ay magagawa sa pamamagitan ng pagsisikap o pag-aaral. Ang kamangmangan ay dahil na sa sariling kapabayaan ng tao. May pagkakataon ang tao na makaalam ngunit hindi nagbigay ng panahon at pagsisikap upang malaman ang tama o ang mabuti. Nangyayari ito kapag may nararamdaman ang taong pag-aalinlangan ngunit walang pagsisikap na maunawaan ang tunay na mabuti at masama. May mga sitwasyong hindi tiyak ng tao kung ano ang dapat niyang gawin. Sa pagkakataong ganito, may panganib na magpadalos-dalos ang tao sa pagkilos. Ngunit sa ganitong pagkakataon, hindi nararapat na sundin ang maling konsensiya.

> Mahalagang tandaan na may obligasyon tayong alamin kung ano ang tama at mabuti. Nawawala ang dangal ng konsensiya kapag "ipinagwawalang-bahala ng tao ang katotohanan at kabutihan."

*Halimbawa,* lumapit sa iyo ang iyong nakababatang kapatid at dumaing dahil sa sobrang sakit ng kaniyang tiyan. Kitang-kita mo sa mukha nito ang labis na paghihirap. Binuksan mo ang lalagyan niya ng gamot at iba't ibang gamot ang naroon. Hindi ka tiyak kung alin sa mga ito ang gamot para sa sakit ng kaniyang tiyan. Ano ang iyong gagawin? Kung pag-iisipang mabuti, hindi nararapat na



DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

painumin ng gamot ang iyong kapatid dahil hindi ka tiyak sa kung ano ang ipaiinom sa kaniya. Kung magpapadalos-dalos sa pasiya sa pagkakataong ito, maaaring maging mapanganib ito sa iyong kapatid. Kung kaya hindi nararapat ipainom ang gamot kung walang katiyakan. Mahalagang magawan ng paraan upang matiyak sa iyong mga magulang o sa sinumang kasama sa bahay kung ano ang gamot na nararapat na ipainom upang mapawi ang labis na sakit ng kaniyang tiyan. Hindi kailanman dapat kumilos o magpasiya o gumawa ng pasiya nang nag-aalinlangan. May tungkulin ka na alamin ang katotohanan. Kung sa kabila ng pagsisikap na alamin ito, mayroon pa ring pag-aalinlangan o di nakasisiguro na sapat na ang kaalaman, dapat piliin ang mas ligtas na paraan. Mahalagang tandaan na may obligasyon tayong alamin kung ano ang tama at mabuti. Nawawala ang dangal ng konsensiya kapag "ipinagwawalang-bahala ng tao ang katotohanan at kabutihan" (Lipio, 2004, ph. 34).

2. *Kamangmangan na di madaraig (invincible ignorance)*. Ang kamangmangan ay di madaraig kung walang pamamaraan na magagawa ang isang tao upang ito ay malampasan. Ito ang uri ng kamangmangan na bumabawas o tumatanggal sa pananagutan ng tao sa kaniyang kilos o pasiya. Ang paghusga nang tama ng tao sa isang bagay na buong katapatan na pinaniniwalaan na tama ay hindi maituturing na pagkakamali. Hindi masisisi ang tao sa kaniyang kamangmangan. Halimbawa, nagbigay ka ng pera sa isang batang namamalimos sa kalye dahil labis ang awa na iyong naramdaman para sa kaniya. Nakaramdam ka ng gaan ng pakiramdam dahil sa iyong pagtulong. Nalaman mo paglipas ng ilang araw na sila ang mga bata na namamalimos upang ipambili ng *rugby*. Maaaring makaramdam ka ng panandaliang pagsisisi dahil naiisip mo na nagbigay ka upang maipambili nila ng *rugby*; ngunit hindi maituturing na masama ang iyong kilos dahil wala ka namang kaalaman dito noong nagbigay ka ng pera. Mag-iiba ang sitwasyon kung ipagpapatuloy mo ang pagbibigay ng pera sa kanila sa kabila ng pagkakaroon ng kaalaman. Kung talagang nais na makatulong, maaaring magbigay na lamang ng pagkain sa halip na pera sa kanila.



Sa pagkakataong ito, hindi nawawalan ng karangalan ang konsensiya dahil tungkulin mong sundin ang iyong konsensiya kahit ito ay mali. Ito ay dahil sa pagkakataong ginawa ang pagpili, pinaniniwalaan mong tama at mabuti ang iyong ginawa. Ang mahalaga ay magkaroon ka ng pananagutan upang ituwid ang iyong pagkakamali matapos mong malaman ang katotohanan (Lipio, 2004, ph. 33).

Kung ang kamangmangan ay madaraig at hindi nagsikap ang tao na malampasan o kaya'y binalewala niya ito, *hindi* nababawasan ang kaniyang pananagutan. Kung ang kamangmangan naman ay hindi madaraig, binabawasan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

nito kung hindi man tinatanggal ang pananagutan ng isang tao sa kaniyang maling pasiya o kilos. Sa mas madalas na pagkakataon ay madaraig ang kamangmangan ng tao. Nangangahulugan ito na may kakayahan ang lahat ng tao na mas mapalalim ang kaniyang kaalaman upang magamit niya nang wasto ang kaniyang konsensiya. Ang mahalaga lamang ay maglaan siya ng panahon at pagsisikap upang kaniyang maragdagan ang kaniyang kaalamang kailangan niya upang mahubog ang kaniyang konsensiya. Ang hamon sa atin ay hindi lamang sundin ang konsensiya kundi *hubugin* ito.

**Ang Apat na Yugto ng Konsensiya**

Bago natin pag-usapan ang paghubog ng konsensiya, mahalagang maunawaan muna ang proseso ng pagkilos ng konsensiya na nakatutulong sa ating pagpapasiya. Kadalasan, madali para sa atin ang makagawa ng mga pangkaraniwang pasiya sa iba't ibang sitwasyong kinakaharap natin sa araw-araw. Bihirang dumating ang mga pagkakataon na hindi natin alam kung ano ang gagawin. Ginagamit natin ang ating mga kaalaman bilang gabay sa paggawa ng pinakamainam na pasiya.

Gayunpaman, paminsan-minsan, nahaharap tayo sa krisis kapag hindi natin alam kung ano ang gagawin sa isang sitwasyon. Ang "krisis" na tinutukoy dito ay isang kritikal na sandali sa ating buhay; hindi ito palaging isang negatibong sitwasyon. Ito ay maaaring pagpili ng sasamahang kaibigan o pag-aaral ng kurso sa kolehiyo, pagkuha ng mahalagang pagsusulit kung saan hindi ka nakapaghanda, o ilan pang mga makabuluhang sandali sa ating buhay. Ngunit dumarating ang panahon na hindi tayo sigurado sa kung ano ang gagawin. Kahit pa marami tayong kaalaman sa maraming bagay, hindi ito nakapagbibigay sa atin ng malinaw na direksyon sa ganitong mga pagkakataon. Dahil dito, kinakailangan natin ang ating konsensiya kaya mahalagang pag-aralan ang proseso upang magamit ito nang mabuti. Ano-ano ang apat na yugto ng konsensiya at paano ito nakatutulong sa paggawa ng mabuting pasiya?

1. *Unang Yugto: Alamin at naisin ang mabuti*. Ang tao ay nilikha na may likas na pagnanais sa mabuti at totoo. Binigyan siya ng kakayahan upang malaman kung ano ang mabuti at totoo. Ito ang pinakamainam na paliwanag sa katotohanang tayo ay nilikha upang mahalin ang Diyos at ang kabutihan. Sa kabila nito, bakit kaya maraming tao ang gumagawa pa rin ng bagay na masama? Una, ang ilang mga tao, kahit alam na kung ano ang mabuti ay pinipili pa rin ang gumawa ng masama. Halimbawa, isang lalaki ang paulit-ulit na nagsisinungaling sa tuwing nahaharap siya sa isang mahirap o nakahihiyang sitwasyon. Alam niya na masama ang magsinungaling at nakaaapekto ito ang kaniyang pangunahing kakayahan na malaman kung ano ang mabuti. Sa katagalan, hindi lamang mas magiging madali sa kaniya ang hindi pagsasabi ng totoo ngunit maaaring siya ay maniwala na ito ay isang mabuting gawain.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Ikalawa, maaaring kulang ang kaalaman ng isang tao sa totoong mabuti upang tuluyan niyang naisin ito. Dito pumapasok ang kahalagahan ng Likas na Batas Moral bilang batayan sa pagkakaroon ng mabuting konsensiya.

2. *Ikalawang Yugto: Ang pagkilatis sa partikular na kabutihan sa isang sitwasyon.* May ilang gawaing kaugnay nito tulad ng pag-aaral ng sitwasyon, pangangalap ng impormasyon, pagsangguni na sinusundan ng pagninilay na naghahatid sa paghatol ng konsensiya. Sa sandaling ito, nailalapat natin ang ating nalalaman sa mga prinsipyo ng moralidad upang kilatisin ang mabuti sa isang partikular na sitwasyon.

Balikan natin ang sitwasyon ni Mang Tino, isang drayber ng *taxi*. Pag-isipan ang sumusunod na tanong:



Pag-isipan:
1. Bakit nagkaroon ng pagbabago sa naunang pasiya ni Mang Tino na hindi isauli ang pitakang naiwan sa kaniyang *taxi?*
2. Paano nakatulong sa kaniya ang una at ikalawang yugto ng konsensiya upang makabuo ng mabuting pasiya?

3. *Ikatlong Yugto: Paghatol para sa mabuting pasiya at kilos.* Mula sa unang yugto na tumatalakay sa pagnanais sa mabuti at sa ikalawang yugto ng pagkilatis sa partikular na kabutihan sa isang sitwasyon, ang ikatlong yugto ay oras ng paghatol ng konsensiya, kung saan wari'y sinasabi sa atin, "Ito ay mabuti, ito ang kinakailangan mong gawin," o kaya naman ay, "Ito ay masama, hindi mo ito nararapat na gawin." Sa sandaling ito, nahuhusgahan ang kabutihan o kasamaan ng isang kilos. Ang hatol na ibibigay sa atin ang magsisilbing resolusyon sa "krisis" na kinakaharap natin.

4*. Ikaapat na Yugto: Pagsusuri ng Sarili / Pagninilay.* Sa sandaling ito, binabalikan natin ang ginawang paghatol. Pinagninilayan natin ang ating paghatol upang matuto mula sa ating karanasan. Kung sa pagninilay ay mapatunayan natin na tama ang naging paghatol ng konsensiya, kinukumpirma natin ang ating pagiging sensitibo sa mabuti at masama at higit na pinagtitibay ang ating moralidad. Sa kabilang banda, ang negatibong resulta ng maling paghatol ng konsensiya ay indikasyon na itama ito kung maaari pa at matuto rin mula sa maling paghatol.

Ang pagsusuri sa paghatol ng konsensiya ay nangyayari sa sarili nitong panahon. Maaaring suriin ang isang hatol sa loob ng isang araw o maaaring tumagal ng maraming taon. Ang tamang paghatol ng konsensiya ay naglalapit sa tao sa Diyos at kaniyang kapwa, kung kaya't mahalagang hubugin ito nang mabuti upang makagawa siya ng tamang pagpapasiya na patungo sa tamang pagkilos.

Ngunit saan nga ba nararapat ibatay ang paghubog ng konsensiya? Bagaman sinasabing ang konsensiya ang batayan ng isip sa paghuhusga ng mabuti o masama, ito pa rin ay ang subhetibo, personal, at agarang pamantayan ng moralidad ng tao

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

kaya may mas mataas na pamantayan pa kaysa rito. Ang pinakamataas na batayan ng kilos ay ang Likas na Batas Moral. Ano nga ba ito?

**Ang Likas na Batas Moral Bilang Batayan ng Kabutihan at ng Konsensiya**

Natutuhan mo sa Baitang 7 na ang Likas na Batas Moral ay ibinigay sa tao dahil nakikibahagi siya sa karunungan at kabutihan ng Diyos. Sa pamamagitan ng batas na ito, may kakayahan siyang kilalanin ang mabuti sa masama. Ngunit may kakayahan din ang tao na gumawa ng mabuti o masama dahil sa kaniyang malayang kilos-loob. Kaya may Likas na Batas Moral upang bigyang direksiyon ang pamumuhay ng tao. Sa kaniyang pagsunod sa batas moral, siya ay gumagawa ng mabuti at isinasabuhay ang makabuluhang pakikipagkapuwa. Subali't hindi ito nangangahulugan na ang Likas na Batas Moral ay pangkat ng mga batas na dapat niyang isaulo upang sundin araw-araw. Bagkus, kailangan niyang *gawin ang mabuti* dahil ito ay nakaukit na sa kaniyang pagkatao. Samakatuwid, ang konsensiya ng tao kung saan nakalapat na ang Likas na Batas Moral ay ginagamit na *personal* na pamantayang moral ng tao. Ito ang ginagamit sa pagpapasiya kung ano ang tama at kung ano ang mali sa kasalukuyang pagkakataon. Dahil dito, mahalagang maunawaan ang mga prinsipyo ng Likas na Batas Moral.



Pag-isipan:
Ano ang kaugnayan ng konsensiya sa Likas na Batas Moral? Ipaliwanag.

**Ang Unang Prinsipyo ng Likas na Batas Moral**

*Una, gawin ang mabuti, iwasan ang masama.* Hindi nagbabago ang Likas na Batas Moral. Hindi ito nakikisabay sa pagbabago ng panahon o nakabatay sa pangangailangan ng sitwasyon. Hindi ito maihahalintulad sa pagbabago na hindi natatapos at hindi ito maaaring mabawasan na *"Gawin ang masama at iwasan ang mabuti."* Madali lamang unawain ang prinsipyong ito. Mula sa pagsilang ng tao, nakatatak na ito sa kaniyang isip, kaya nga kahit hindi ganap na hubugin, kayang kilalanin ng tao ang mabuti at masama. Kung mananatiling matibay na nakakapit ang tao sa unang prinsipyong ito sa proseso ng paghubog ng kaniyang konsensiya, kailangan na lamang ang pagiging matatag laban sa pagtatalo ng isipan sa pagitan ng mabuti laban sa masama.

**Ang mga Pangalawang Prinsipyo ng Likas na Batas Moral**

Mahalaga ring maunawaan ang mga pangalawang prinsipyo na makukuha sa kalikasan ng tao:

1. *Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay.* Sino mang tao ay ginagawa ang lahat upang pangalagaan ang kaniyang buhay. Kaya tayo umiinom ng gamot kapag tayo ay may sakit, pumupunta



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

sa doktor upang alamin kung ano ang ating karamdaman, nag-iingat sa ating mga kilos sa lahat ng pagkakataon, at hindi kinikitil ang ating sariling buhay ay dahil sa likas na pagkiling ng tao para sa pangangalaga sa kaniyang buhay. Mulat ang lahat ng tao sa prinsipyong ito. Hindi man niya sinasabi, natural itong dadaloy sa kaniyang mga gawain at kilos. Kung likas na inaalagaan ng tao ang kaniyang sariling buhay, natural lamang na likas itong maibahagi sa kaniyang kapuwa. Kung kaya alam ng taong hindi lamang masamang kitilin ang kaniyang buhay kundi masama ring kitilin ang buhay ng kaniyang kapuwa.

Kasama ng lahat ng may buhay, may kahiligan ang taong pangalagaan ang kaniyang buhay.

2. *Kasama ng mga hayop (mga nilikhang may buhay at pandama), likas sa tao (nilikhang may kamalayan at kalayaan) ang pagpaparami ng uri at papag-aralin ang mga anak.* Likas sa tao ang naisin na magkaroon ng anak; nakaukit na rin ito sa kaniyang kalikasan. Ngunit hindi ito nagtatapos dito, mahalagang bigyang-diin na kaakibat ng kalikasang ito ay ang *tungkulin* na bigyan ng edukasyon ang kaniyang anak. Kung ang isang inang ibon ay hindi napapagod na gabayan ang kaniyang inakay hangga't hindi ito ganap na natutong lumipad, mas lalo't higit ang tao. Inaasahang ang kabutihang nakatanim sa bawat magulang batay sa Likas na Batas Moral ang siya niyang gagamitin upang hubugin ang kaniyang anak. Hindi dapat ganap na iatang sa balikat ng mga guro sa paaralan ang edukasyon ng kanilang anak. Binigyang-diin sa Baitang 8 na mas mabigat ang tungkulin ng mga magulang ang *paghubog ng mga anak sa pagpapahalaga.* Hindi nararapat na kalimutan ang tungkuling ito bago magpasiyang magkaroon ng anak.



3. *Bilang rasyonal na nilalang, may likas na kahiligan ang tao na alamin ang katotohanan at mabuhay sa lipunan.* Sa pamamagitan ng prinsipyong ito, nararapat na maunawaan na kung tunay na hindi humihinto ang tao sa paghahanap ng katotohanan, hindi rin nararapat na ipagkait ito sa kaniyang kapuwa. Kung kaya nga maituturing na masama ang magsinungaling. Dahil sa pamamagitan ng pagsisinungaling, naipagkakait natin sa ating kapuwa ang katotohanan, napipigilan nito ang kaniyang paghahanap ng katotohanan. Ang kahiligan din ng tao ang nagtutulak sa kaniya upang magkaroon ng kaalaman at iwasan ang kamangmangan. Mahalaga ito dahil sa pamamagitan ng pagkakaroon ng kaalaman, mahahanap ng tao ang katotohanan. Ang lahat ng mga nabanggit ay magiging posible lamang kung siya ay makikihalubilo sa kaniyang kapuwa sa lipunan dahil ang kaalaman, karunungan, at katotohanan ay makakamit sa tulong ng kapuwa.

Sa pamamagitan lamang ng pagkakaroon ng kaalaman ganap na mahahanap ng tao ang katotohanan.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Paghubog ng Konsensiya**

Bakit mahalaga ang paghubog ng konsensiya? Nakatutulong ito sa tao na makilala ang katotohanan na kailangan niya upang magamit nang mapanagutan ang kaniyang kalayaan. Anumang paghubog ay nag-uugat sa pagnanais ng tao na paunlarin ang kaniyang kaalaman ukol sa katotohanan at ang kaakibat nitong pagnanais na gawin ang mabuti.

Paano nga ba mahuhubog ang konsensiya ng tao upang kumiling sa mabuti? Makatutulong kung susundin ang mga hakbang ayon kay Sr. Felicidad Lipio (2004, ph 55-58).

1. *Matapat at masunuring isagawa ang paghahanap at paggalang sa katotohanan.* Simulan ang paghubog ng konsensiya sa pamamagitan ng pag-unawa na ang katotohanan ay nangangahulugan ng pag-unawa sa mga bagay na umiiral. Mahalaga ang pagtutugma ng sinasabi o iniisip ng tao tungkol sa isang bagay at sa kung ano ang tunay na layon ng pag-iral nito. Kung talagang nais na mahubog ang konsensiya, kailangang mangibabaw ang layuning gawin ang mabuti at piliin ang katotohanan sa lahat ng pagkakataon. Hinuhubog natin ang ating konsensiya kapag kumikilos tayo nang may pananagutan. Maipakikita ang pananagutan sa kilos ng tao kung gagawin niya ang sumusunod:

   a. Kilalanin at pagnilayan ang mga tunay na pagpapahalagang moral na sangkot sa isang kilos. Tinitimbang ng mga mapanagutang tao ang mga katotohanan bago kumilos sa halip na sinusunod lamang ang sariling kapritso at maling palagay.
   b. Suriin ang mga sariling hangarin upang matiyak na kumikilos mula sa mga mabuting layunin at hindi mula sa makasariling interes.
   c. Unawain at pagnilayan ang mga karanasan at hamon ng buhay. Kung sapat ang panahon na inilalaan ng isang kabataan sa pagninilay sa mga bagay na nagawa niya sa bawat araw, mas magiging mulat siya sa kaniyang mga pagkukulang o pagmamalabis.



Mayroon ka bang *journal* o talaarawan ng iyong gawain? Ano-ano ang mga pakinabang ng pagkakaroon ng talaarawan?


   d. Alamin at unawain ang mga talakayan tungkol sa mga napapanahong isyung moral at mga implikasyong panlipunan ng mga ito. Mahalagang kilalanin ang mga pagpapahalagang nilabag ng mga ito.

2. *Naglalaan ng panahon para sa regular na panalangin.* Hinuhubog natin ang konsensiya kapag nagdarasal tayo. Ang regular na pakikipag-ugnayan sa Diyos sa takdang oras sa bawat araw ng nakatutulong sa pagpapanatag ng kalooban, paglinaw ng pag-iisip, at kapayapaan ng puso. Matutukoy ito sa pagtataya ng kabutihan o kasamaan ng kilos dahil panatag tayo na ang ating konsensiya ay ginabayan ng panalangin.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY



Kapag pinag-uusapan ang konsensiya, pinag-uusapan din ang pagbubukas ng kalooban sa pag-unlad ng pananampalataya at espiritwalidad. Kung kaya masasabing may kinalaman ang paghubog ng konsensiya sa pag-unlad ng buong pagkatao tungo sa pagiging *personalidad*. Dahil umuunlad ang ating konsensiya kasabay ng pag-unlad ng sarili, ang ating buhay bilang mananampalataya ay sangkot sa buong proseso.

Isang mahalagang hakbang sa pagkilala ng ating sarili ang kamalayan sa dahan-dahang proseso ng paghubog ng konsensiya na nagaganap mula pa noong bata pa tayo hanggang sa kasalukuyan (Lipio, 2004 ph. 58). Katulad ng iba pang mga kakayahan ng tao, dahan-dahan din ang proseso ng paghubog ng konsensiya ng tao. Mahalagang matalakay ang iba't ibang antas nito.

**Mga Antas ng Paghubog ng Konsensiya**

*Una, ang antas ng likas na pakiramdam at reaksiyon.* Nagsisimula ito sa pagkabata. Dahil hindi pa sapat ang kaalaman ng isang bata ukol sa tama at mali, mabuti o masama, umaasa lamang siya sa mga paalala, paggabay, at pagbabawal ng kaniyang magulang. Dito niya ibinabatay ang kaniyang kilos. Gagawin ng isang bata ang lahat ng kaniyang nais na gawin hangga't walang pagbabawal mula sa mga taong nakatatanda sa kaniya. Sa ganitong pagkakataon, sa labas nagmumula ang pagpigil sa kaniyang moralidad.



*Ikalawa, ang antas ng superego.* Habang lumalaki ang isang bata malaki ang bahaging ginagampanan ng isang taong may awtoridad sa kaniyang mga pasiya at kilos. Ang awtoridad na ito ang nagpapatakbo ng kilos moral ng isang bata. Sa yugtong ito, umiiral ang *superego* - ang mga pagpapalagay at utos ng mga magulang at taong makapangyarihan na naisaloob na ng tao kasama ng mga ipinagbabawal ng lipunan at nakaiimpluwensiya sa isang tao mula pa sa pagkabata. Sa paglipas ng panahon, nagiging bahagi na ng isip ang mga pagbabawal na ito nang hindi namamalayan.

Ngunit sa patuloy na paglipas ng panahon, nalalagpasan ng isang bata ang taong may awtoridad at unti-unti na siyang namumulat sa pananagutan. Alam na niya kung ano ang tama at mali at nararamdaman na niya ang epekto sa kaniyang sarili ng

> Mahalagang simulan mula bata pa lamang ang paghubog ng konsensiya. Makatutulong ito upang hindi siya magkamali sa kaniyang paghusga ng mabuti o masama sa hinaharap.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

pagkiling sa mali at sa masama. Nararamdaman na hindi niya dapat ginawa ang isang bagay na mali, hindi lamang dahil ipinagbabawal ito ng kaniyang mga magulang kundi nakikita niya mismo ang kamalian nito. Natututuhan niyang tanggapin at isaloob ang mga mabubuting prinsipyo at pagpapahalagang moral mula sa kaniyang mga magulang. Ito ang simula ng pagkilos ng *"konsensiyang moral,"* ang ikatlong antas ng paghubog ng konsensiya.

Kaya mahalagang simulan mula bata pa lamang ang paghubog ng konsensiya. Makatutulong ito upang hindi siya magkamali sa kaniyang paghusga ng mabuti o masama sa hinaharap.

Makatutulong sa proseso ng paghubog sa konsensiya ang pagsasagawa ng mga tiyak na kilos bago ang pagsasagawa ng pasiya. Ang layunin sa paghubog ng konsensiya ay mahubog ang pagkatao batay sa pagsasabuhay ng mga birtud, pagpapahalaga at katotohanan upang matiyak na ang sarili ay magpapasiya at kikilos batay sa kung ano ang tama at mabuti. Upang higit na mapaunlad ang paghubog ng konsensiya makabubuti na humingi ng paggabay sa sumusunod:

| |
|---|
| Ang layunin sa paghubog ng konsensiya ay mahubog ang pagkatao batay sa pagsasabuhay ng mga birtud, pagpapahalaga at katotohanan upang matiyak na ang sarili ay magpapasiya at kikilos batay sa kung ano ang tama at mabuti. |

a. mga taong may kalaman sa at nagsasabuhay ng mga pagpapahalagang moral, may sapat na kakayahan sa proseso ng paghubog ng konsensiya tulad ng mga magulang at nakatatanda
b. sa simbahan mula sa mga turo, panulat at magandang halimbawa ng mga pari, pastor, at iba pang namumuno dito
c. sa Diyos gamit ang Kaniyang mga salita at halimbawa

Sa proseso ng paghubog ng konsensiya gamitin nang mapanagutan ang sumusunod;

a. *Isip*. Sa pamamagitan ng pag-aaral, pagkatuto, pagtatanong, pag-alam at pagkuha ng mga impormasyon, paghingi ng payo, panalangin, pagkakaroon ng kahandaan na baguhin ang nilalaman ng isip, pagiging maingat sa pagpapasiya sa kung ano ang pinakamabuting kilos na nararapat gawin, pag-unawa sa birtud
b. *Kilos-loob.* Sa pamamagitan ng pagpili, pagpapasiya at pagkilos tungo sa kabutihan at pagninilay kung ang nabubuong pagkatao sa sarili ay patungo sa paglinang ng pagka-personalidad
c. *Puso*. Pananalangin, pagkakaroon ng mas malalim na kakayahan sa pagkilala ng mabuti laban sa masama, kahandaan na mas piliin ang mabuti
d. *Kamay*. Palaging isakilos ang ginawang pagkiling o pagpili sa mabuti, pagkakaroon ng pananagutan sa anumang kilos, pagsasabuhay ng mga birtud at pagpapahalaga, pakikihalubilo sa mga taong tunay na susuporta sa paghubog ng mga moral na pagpapahalaga.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

Gabay ang una at pangalawang prinsipyo ng Likas na Batas Moral, maaaring mapadali ang proseso ng paghubog ng konsensiya ng tao. Kung isasapuso ng lahat ng tao ang mga prinsipyong ito, malinaw ang magiging gabay ng tao sa kaniyang kilos at pagpapasiya.

Hindi naman inaasahan ang agarang pagbabago sapagkat ang paghubog sa konsensiya ng tao ay isang mabagal na proseso. Mahalagang maiwan ang mahalagang mga kataga hango sa aklat na *Konsensiya* (Lipio, 2004).

> "Ang ating mga pagkabigo ay daan tungo sa ating pag-unlad. Tinatawag tayo upang maging ganap sa salita at gawa. Kung ano tayo at kung magiging ano tayo ay nakasalalay sa ating mga moral na gawain. Ang mga gawaing ito ay humuhubog sa ating pagkatao, pag-uugali at buong buhay."

Ang ating kakayahan na maunawaan at pillin kung ano ang mabuti patungo sa mabuting paraan ng pagkilos ay nagmumula sa konsensiyang nahubog nang mahusay. Ang pagsunod sa utos ng konsensiya ay hindi lamang ang paggawa ng mabuti kundi higit sa lahat, ang pagiging mabuting tao, ang pagpapakatao. Matatag ka na ba sa pagtugon sa hamon ng maayos at regular na paghubog ng konsensiya?

**Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

1. Ano ang pangunahing tungkulin ng konsensiya?
2. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng kamangmangang madaraig at kamangmangang di madaraig gamit ang isang halimbawa.
3. Ano-ano ang apat na yugto ng konsensiya? Ipaliwanag ang bawat isa gamit ang isang halimbawa.
4. Bakit mahalagang maunawaan ang proseso ng pagkilos o mga yugto ng konsensiya?
5. Ano ang kaugnayan ng konsensiya sa Likas na Batas Moral?
6. Ano ang una at ikalawang prinsipyo ng Likas na Batas Moral?
7. Bakit mahalaga ang paghubog ng konsensiya?
8. Paano huhubugin ang konsensiya ng tao upang kumiling ito sa mabuti?

**Paghinuha ng Batayang Konsepto**

1. Hahatiin ng guro ang klase sa apat na pangkat. Magkakaroon ng lima hanggang sampung minutong talakayan sa pangkat upang sagutin ang tanong na: **Paano magsisilbing gabay ang konsensiyang nahubog batay sa Likas na Batas Moral sa tamang pagpapasiya at pagkilos?** Matapos mapakinggan ang sagot ng lahat ng kasapi sa pangkat ay bumuo ng pangkalahatang sagot sa mahalagang tanong at isulat ito sa isang *manila paper*.
2. Ipaskil sa pisara at basahin sa klase.
3. Pagkatapos, gamitin ang *output* ng bawat pangkat upang bumuo ng pangkalahatang sagot ng klase sa mahalagang tanong.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

## Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari mong gawin upang mailapat ang iyong mga pagkatuto sa modyul na ito?

## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

### Pagganap

**Gawain 3**

*Panuto:* Batay sa naging reyalisasyon sa mga nagdaang gawain, tayahin ang sariling kakayahan ng konsensiya na makabuo ng tama at mabuting pasiya.

1. Magtala ng dalawa o tatlong sitwasyon sa iyong buhay kung saan nakaranas ka ng isang "krisis" o kahirapan sa pamimili ng tama at mabuting pasiya.
2. Kaugnay ng sitwasyong ito, bumuo ng mabuting pasiya batay sa mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral.
3. Gawing tiyak, akma, at makatotohanan ang iyong pasiya.
4. Ipa-*print* ito at ilagay ito sa isang bahagi ng sariling silid sa tahanan upang magsilbing paalala sa bawat gawain sa araw-araw.

Halimbawa: Nagtanong ang aking mga magulang tungkol sa dahilan ng pag-uwi ko ng gabi mula sa paaralan. Sinabi kong naghanda kami ng aking mga kaklase para sa isang pagtatanghal sa susunod na araw. Lingid sa kanilang kaalaman, naglaro ako ng *computer games* at sumama sa lakad ng aking mga kaibigan.

| Pasiya Noon | Pasiya o Kilos Kung Maharap sa Kaparehong Sitwasyon | Prinsipyo ng Likas na Batas Moral | Paliwanag |
|---|---|---|---|
| 1. Natakot akong mapagalitan kung malalaman ng mga magulang ko ang totoong dahilan ng pag-uwi ko nang gabi kaya pinili ko ang magsinungaling. | Sasabihin ko ang totoo sa kanila, kahit mapagalitan ako. | Ang Unang Prinsipyo: *Gawin ang mabuti at iwasan ang masama.* | Alam ko na masama ang magsinungaling at hindi ko dapat ipagkait sa aking mga magulang ang katotohanan. Nag-aalala lamang sila para sa aking kaligtasan. |
| | | | |
| | | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## Pagninilay
### Gawain 4

*Panuto:*

1. Sa iyong *journal* o kuwaderno, isulat ang iyong naramdaman at reyalisasyon mula sa gawain sa Pagganap.
2. Maaari ring magtala ng mga tanong na nananatiling nangangailangan ng sagot.

## Pagsasabuhay
### Gawain 5

Malinaw na sa iyo na ang konsensiyang nahubog sa Likas na Batas Moral ay gabay sa mabuting pagpapasiya at pagkilos. Gawin ang sumusunod:

*Panuto:*

1. Sa pagkakataong ito, itala ang mga mahalagang pasiya at kilos na isinagawa mo sa loob ng isang linggo.
2. Tukuyin kung masama o mabuti ang iyong naging pasiya at kilos batay sa mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral.
3. Ilahad ang mga angkop na hakbang na gagawin upang mabago at mapaunlad ang mga masasamang pasiya at kilos.
4. Ipakita sa iyong mga magulang ang gawaing ito. Hilingin ang kanilang tulong at suporta sa pagsasagawa nito upang masiguro ang pagsasakatuparan.
5. Isulat ang iyong naramdaman at reyalisasyon mula sa gawaing ito sa iyong *journal* o kuwaderno. Ibahagi ito sa iyong magulang o kapamilya at palagdaan.
6. Maaaring sundin ang katulad na pormat sa ibaba.

| | Mga pasiya at kilos na aking isinagawa | Mabuti o Masama? (Batay sa mga Prinsipyo ng Likas na Batas Moral) | Mga angkop na hakbang na dapat gawin upang mabago at mapaunlad ang mga masamang pasiya at kilos |
|---|---|---|---|
| Lunes | 1.<br>2.<br>3. | | 1.<br>2.<br>3. |
| Martes | | | |
| Miyerkules | | | |
| Huwebes | | | |
| Biyernes | | | |
| Sabado | | | |
| Linggo | | | |

________________________ Lagda ng Mag-aaral

________________________ Lagda ng Magulang



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

**Mga Kakailanganing Kagamitan (*websites*, *software*, mga aklat, *worksheet*)**

**Mga Sanggunian:**

Astorga, Ma. Cristina A. (2009). *Living the Faith Option: Christian Morality.* Quezon City: FNB Educational, Inc.

Cabellos, P. (1991). *Forming the Conscience*. Manila. Sinagtala Publishers, Inc.

Clarke, W.N., S.J. (1997). *Conscience and the Person*. (Manila) Buddha

Donnelly, John and Lyons, Leonards (1973). *Conscience.* New York: Alba House.

Lipio, F.C. (2004). *Konsensiya Para sa Katolikong Pilipino*. Mandaluyong City: National Book Store.

O'Neil, Kevin J., and Black Peter, C. (2006). *The Essential Moral Handbook (A Guide to Catholic Living).* Bangalore: Asian Trading Corporation.

Reyes, Ramon. (2009). *Ground and Norm of Morality.* Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

**Mula sa Internet:**

*Moral Dilemmas for Students* Retrieved November 14, 2014 from http://www.buzzle.com/articles/moral-dilemmas-for-students.html

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Edukasyon sa Pagpapakatao Baitang 10**

**Unang Markahan**

# MODYUL 4: ANG MAPANAGUTANG PAGGAMIT NG KALAYAAN

## A. ANO ANG INAASAHANG MAIPAMAMALAS MO?

"Wala silang magagawang masama sa atin, totoong wala. Maaari silang manakot, alisin sa atin ang materyal na bagay na ating kailangan at tanggalin sa atin ang pagkilos nang malaya. Subalit ang makatatanggal sa atin ng ating lakas ay ang ating negatibong ugali. Ang pinakamalaking pinsala na maaaring maranasan natin ay ang pinsalang ipinapataw natin sa ating sarili." Ito ang tinuran ni Etty Hillesum, isang Hudyo na nakaranas pagkaitan ng panlabas na kalayaan. Sa gitna ng mga pagsubok mula sa pamahalaaang Nazi na kaniyang pinagdaanan, natuklasan niya ang kalayaan sa kaniyang sarili mismo. Ang kalayaang piliin ang kaniyang magiging ugali o tugon sa anumang sitwasyon ng buhay.



Ang ating reaksiyon sa isang sitwasyon ay ating pinili at ninais. Kapag may ginagawa ang isang tao na hindi maganda, karaniwang ibinibigay niyang dahilan ang kaniyang kapuwa kung bakit niya ito ginawa. Ayon sa kaniya ang kilos niya ay reaksiyon lamang sa ginawa sa kaniya ng iba. Tama nga kaya ito? Nakatali ba ang kilos ng tao sa kilos ng kaniyang kapuwa?

Sa Baitang 7 ng Edukasyon sa Pagpapakatao, tinalakay ang isa sa mga katangian o kakayahang taglay ng tao na nagpapatangi sa kaniya na ipinagkaloob mula pa sa kaniyang kapanganakan. Kakabit ng buhay na ipinagkaloob sa tao ay ang kapangyarihang pamahalaan ito, ito ay katangian ng kilos-loob ng tao … ang KALAYAAN.

Ang kalayaan ang ninanais na makamit ng tao dahil sa pananaw na: ito ay pagkilos upang makamit ang ninanais na walang iniisip na hadlang upang magawa niya ito. Tama nga kaya ang kaisipang ito? Sapat ba ang ganitong pag-unawa tungkol sa diwa ng kalayaan? Ilan lamang ito sa tatalakaying tanong sa pag-aaral mo ng modyul na ito. Inaasahang masasagot mo ang *Mahalagang Tanong* na: **Ano ang tinuturing na tunay na kalayaan at paano ito mapatutunayan?**

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Sa modyul na ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan, at pag-unawa**

4.1 Natutukoy ang mga pasiya at kilos na tumutugon sa tunay na gamit ng kalayaan
4.2 Nasusuri ang tunay na kahulugan ng kalayaan
4.3 Naipaliliwanag ang Batayang Konsepto ng aralin
4.4 Nakagagawa ng mga angkop na kilos upang maisabuhay ang paggamit ng tunay na kalayaan: tumugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod

**Naririto ang mga kraytirya ng pagtataya ng *output* sa kakayahang pampagkatuto 4.4:**

a. Nakapili ng angking negatibong katangian na nakahadlang sa paggamit ng tunay na kalayaan
b. Naitala ang mga nararapat gawin upang malampasan ang negatibong katangiang ito
c. Naitala ang karanasan sa mga sitwasyon o pagkakataon na ginamit ang tunay na kalayaan
d. May kalakip na pagninilay

## A. Paunang Pagtataya

*Panuto:* Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag. Piliin ang pinakawastong sagot at isulat ito sa iyong kuwaderno.

1. Ano ang itinuturing na kakambal ng kalayaan?
   a. kilos-loob
   b. konsensiya
   c. pagmamahal
   d. responsibilidad

2. Ang pinakamalaking hadlang sa kalayaan ay hindi ang nagmumula sa labas ng tao kundi ang nagmumula mismo sa loob ng tao. Ano ang nais ipakahulugan nito?
   a. Ang kalayaan ay matatagpuan sa sarili.
   b. Nakahahadlang ang kapwa sa pagkamit ng kalayaan.
   c. Niloob ng tao ang antas ng kaniyang pagiging malaya.
   d. Ang hadlang sa pagiging malaya ay ang sarili niyang pag-uugali.

3. Bakit may kakayahan ang taong kumilos ayon sa sariling kagustuhan at ayon sa pagdidesisyon kung ano ang gagawin?
   a. Dahil ang tao ay may malayang kilos-loob.
   b. May likas na batas moral na gumagabay sa kaniya.
   c. May kakayahan ang taong gamitin ang kaniyang konsensiya.
   d. Sapagkat ang tao ay may kakayahang pag-isipan ang mga ito.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

4. Alin sa sitwasyon ang nagpapakita ng tunay na kalayaan?
   a. Nagagawa ni Connie ang mamasyal anumang oras niya gustuhin.
   b. Inamin ni Lala ang kaniyang pagkakamali at humingi ng paumanhin sa ginawa.
   c. Hindi mahiyain si Greg kaya nasasabi niya ang gusto niyang sabihin sa isang tao.
   d. Kahit pagod na galing sa trabaho, sinamahan pa rin ni Jake ang kapitbahay na isinugod sa ospital.

5. Ang responsibilidad ay ang kakayahang tumugon sa tawag ng pangangailangan ayon sa sitwasyon. Ang pahayag ay:
   a. Tama, dahil ang tunay na responsableng kalayaan ay ang pagtulong sa kapuwa.
   b. Tama, dahil may kakayahan ang taong magbigay paliwanag sa kilos na ginawa.
   c. Mali, dahil ang responsibilidad ay palaging kakambal ng kalayaan na ginagamit ng tao.
   d. Mali, dahil ang responsibilidad ay ang pagtanggap sa kahihinatnan ng kilos na ginawa.

> "Higit na nagiging malaya ang tao kapag ginagawa niya ang mabuti. Walang tunay na kalayaan kundi sa pagmamahal at paglilingkod."

6. Ano ang mensahe nito?
   a. Ang kalayaan ay ang paggawa ng mabuti.
   b. Ang pagiging malaya ay nakabatay sa kilos ng tao.
   c. Makabubuti sa bawat tao ang pagkamit ng kalayaan.
   d. Ikaw ay malaya kapag naipakita ang pagmamahal at paglilingkod.

7. Ano ang tinutukoy na mabuti?
   a. Ang pagkakaroon ng kalayaan.
   b. Ang pagmamahal at paglilingkod sa kapuwa.
   c. Ang kakayahan ng taong pumili ng mabuti.
   d. Ang magamit ang kalayaan sa tama at ayon sa inaasahan.

8. Bakit kailangang lumaya ang tao mula sa makasariling interes, pagmamataas, katamaran, at iba pang negatibong pag-uugali?
   a. Nakasentro lamang siya sa kaniyang sarili kaya hindi makakamit ang kalayaan.
   b. Magkakaroon ng kabuluhan ang buhay kung walang ganitong katangian.
   c. Nag-iiwan ito ng hindi magandang imahe sa pagkatao ng tao.
   d. Nilalayuan ng ibang tao ang may ganitong mga pag-uugali.

9. Para saan ang pagkakaroon ng kalayaan ng tao?
   a. Dahil kailangang malinang ang pagkatao ng tao sa pamamagitan nito upang matamo ang layunin ng kaniyang buhay sa mundo.
   b. Para maging malaya ang tao sa pansariling kahinaan at maging malayang tumugon sa pangangailangan ng sitwasyon.



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

c. Para maging masaya ang tao sa buhay niya dahil nagagawa niya ang kaniyang nais na walang nakahahadlang dito.
d. Mahalaga ito upang malinang ang kakayahan ng taong piliin ang mabuti kaya ibinigay sa kaniya ang kalayaan.

10. Hindi mo maunawaan ang leksiyon ng inyong guro at nakababagot sa pakiramdam kaya nawalan ka ng interes na makinig sa kaniya. Dahil dito wala kang natutuhan sa itinuro niya, sinisi mo ang iyong guro. Sang-ayon ka ba sa kaniya?
    a. Sang-ayon, dahil responsibilidad ng guro ang maipaunawa sa mga mag-aaral ang leksiyon.
    b. Sang-ayon, dahil kailangang mapaganda ang leksiyon para hindi nakababagot sa mag-aaral.
    c. Di sang-ayon, dahil may pananagutan ang tao sa kaniyang kilos.
    d. Di sang-ayon, dahil may kakayahan kang piliin ang iyong kilos.


## B. PAGTUKLAS NG DATING KAALAMAN

**Gawain 1**

Noong nasa Baitang 7 ka, naipaliwanag sa iyo na ikaw ay natatangi sa ibang nilikha dahil sa taglay mong isip at kilos-loob. May kakayahan kang gumawa ng pagpapasiya para sa sarili. Upang magamit ang iyong isip at kilos-loob sa pagpapaunlad ng iyong pagkatao, ipinagkaloob din sa iyo ang iyong kalayaan.

*Panuto:*

1. Sa pagkakataong ito, balikan mo ang mga kaisipan at konsepto na natanim sa iyo tungkol sa kahulugan ng kalayaan.
2. Isulat ito sa mga bilog na inilaan para sa iyong mga sagot. Gamiting gabay ang pormat sa ibaba.




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

3. Gawin ito sa kuwaderno ngunit maaari ding isulat sa pisara ang mga sagot sa paggabay ng iyong guro.
4. Matapos ang gawain ay sagutin ang sumusunod na tanong. Isulat ang mga sagot sa kuwaderno.
   a. Ano-ano ang pakinabang na natatamasa mo dahil ikaw ay nilikhang malaya?
   b. Ano-ano ang nagiging mga hadlang sa paggamit mo ng kalayaan?
   c. Ano-ano ang tungkulin mo dahil ikaw ay malaya?

**Gawain 2**

*Panuto:*

1. Balikan mo ang iyong mga naging sagot sa naunang gawain.
2. Mula sa iyong mga sagot, tukuyin kung alin ang tama at maling pananaw tungkol sa tunay na kahulugan ng kalayaan.
3. Maaaring gamiting gabay ang pormat sa ibaba.

| **Tamang Pananaw Tungkol sa Kalayaan** | **Maling Pananaw Tungkol sa Kalayaan** |
|---|---|
| 1.<br>2.<br>3. | |

4. Sagutin ang sumusunod na tanong sa kuwaderno, pagkatapos na makapagpaliwanag ang lahat ng pangkat:
   a. Ano ang iyong mga natuklasan sa natapos na gawain? Ipaliwanag.
   b. Sa iyong palagay, saan patungo ang ganitong mga kaisipan (tama at mali) tungkol sa kalayaan?
   c. Para sa iyo, ano ang tunay na kahulugan ng kalayaan?

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## C. PAGLINANG NG MGA KAALAMAN, KAKAYAHAN, AT PAG-UNAWA

**Gawain 3**

*Panuto:*

Ipagpalagay na ikaw ay bibigyan ng libreng limang oras upang gawin ang iyong gustong gawin. Saan mo ito gagamitin o paano mo ito gugugulin? Isulat sa iyong kuwaderno ang mga naiisip mong gagawin.

1. Sa gabay ng iyong guro, isulat sa *metastrip* ang iyong sagot at idikit ito sa pisara.
2. Matapos mailagay ang mga sagot sa pisara, sa gabay pa rin ng inyong guro uriin o ikategorya ang mga naisulat na planong gagawin. (Maaaring ang mga ito ay ayon sa pag-aaral, kaibigan, kasiyahan, *gadget*, sarili, pamilya, bayan o pagtulong sa kapuwa, at iba pa).
3. Sagutin ang sumusunod na mga tanong pagkatapos ng gawain.
   a. Ano ang resulta ng gawain?
   b. Bakit ito ang iniisip mong gawin sa libreng oras na ibibigay sa iyo?
   c. Ano ang mensaheng nakuha mo tungkol sa kalayaan mula sa naging sagot mo at ng iyong kamag-aral sa gawaing ito?

**Gawain 4**

*Panuto:*

1. Pangkatin ang klase batay sa bilang ng kategorya ng mga gawaing naging sagot ng klase sa Gawain 3.
2. Italaga ang isang kategorya sa isang pangkat.
3. Ipagpalagay na ang mga gawaing nakasulat sa *metastrip* na pinili mong gawin gamit ang iyong kalayaan ay isang *tulay* na iyong tinatahak.
4. Sa kaliwang dulo ng *tulay* iguhit ang larawan ng isang batang kumakatawan sa iyo. Idikit ang mga *metastrip* na nakapaloob sa isang kategorya na magiging anyong *tulay* gamit ang *manila paper*. Sa kanang dulo ng *tulay* ay isulat mo ang inaasahang makakamit pagkatapos gawin ang mga gawaing nakatala.

   Halimbawa:
   Kategorya: <u>Kaibigan</u>

| Inaasahang makakamit pagkatapos ng gagawin |
|---|

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.




5. Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang ginawa sa klase.
6. Sagutin ang sumusunod na mga tanong:
   a. Kung ang gawaing pinili mong gawin ay ipagpapalagay na kumakatawan sa *tulay* na iyong tatahakin o tinatahak, anong uri ng *tulay* ang iyong itinatayo?
   b. Saan ito patungo?
   c. Kontento ka ba sa epekto o patutunguhan ng pinili mong gawin? Patunayan.
   d. Kung naging kontento/masaya ka sa resulta nito, hanggang kailan magtatagal ang iyong kasiyahan? Magtatagal ba ito o panandalian lamang? Patunayan.
   e. Nagamit mo ba nang tama ang kalayaang mayroon ka? Ipaliwanag.
   f. Alin sa mga kategorya ang nagpapakita ng tunay na kalayaan? Bakit?
   g. Matapos ang gawaing ito, ano ang maibibigay mong kahulugan sa tunay na kahulugan ng kalayaan?

## D. PAGPAPALALIM

Basahin at unawaing mabuti ang sanaysay.

### Ang Mapanagutang Paggamit ng Kalayaan




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Narinig mo na ba ang mga katagang ito? O di kaya nasambit mo na rin ang mga ito? Tama nga kaya ang mga katuwiran na binanggit - sira na ang araw ko dahil sa ginawa ng kaibigan at nakababagot ang klase, wala akong natutuhan sa leksiyon dahil sa guro? Nangangahulugan ba ito na ang nangyayari sa isang tao ay kagagawan ng kaniyang kapuwa? Para bang ibinibigay mo ang *remote control* ng iyong buhay sa ibang tao at sinabing: heto, palitan mo ang aking damdamin at kilos kung kailan mo gusto. (John Bytheway sa kanyang aklat na "What I Wish I'd Known in High School."

Noong nasa Baitang 7 ka, naipaliwanag sa iyo na ang tao ay may taglay na kalayaan mula pa sa kaniyang kapanganakan. Ayon nga sa kahulugang ibinigay ni Santo Tomas de Aquino, "ang kalayaan ay katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kaniyang kilos tungo sa maaari niyang hantungan at itakda ang paraan upang makamit ito." Ibig sabihin, ang tao ang nagtatakda ng kaniyang kilos para sa kaniyang sarili. Walang anumang puwersa sa labas ng tao ang maaaring magtakda nito para sa kaniya. Nangangahulugan lamang na ang *remote control* ng kaniyang buhay ay hawak ng sarili niyang mga kamay, siya ang pumipili ng estasyon ng gawain na kaniyang nais gawin, sapagkat ang kapangyarihan ng kilos-loob ay hindi maaaring ibigay sa iba. Kaya nga, kung sakaling nagalit ka at nasira ang araw mo, iyon ay dahil pinili mong magpaapekto at masira ang araw mo. Gayundin kung wala kang natutuhan sa leksiyon, may paraan na puwede mong gawin upang maunawaan ang inyong aralin. Ito ay dahil may kakayahan ang taong isipin kung ano ang nararanasan niya sapagkat mayroon siyang kamalayan. Dahil sa pagiging malaya, may kakayahan ang taong piliin kung paano siya kikilos o tutugon sa nararanasan. Maaari mong piliing magalit at masira ang iyong araw dahil sa kilos ng isang kaibigan o kaya'y unawain ang kaniyang kalagayan, patawarin siya, at manatiling maayos ang inyong ugnayan. Maaari mong piliin ang mabagot at walang matutuhan sa leksiyon o kaya'y humingi ng tulong sa guro sa bagay na hindi naunawaan at magkaroon ng pokus upang maunawaan ito. May kakayahan ang taong magtimpi at may dahilan siya upang gawin ito.

> "Ang kalayaan ay ang katangian ng kilos-loob na itakda ng tao ang kanyang kilos tungo sa kanyang maaaring hantungan at ang itakda ang paraan upang makamit ito."
> Santo Tomas de Aquino




DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

Bagama't may kalayaan ang taong piliin at gawin ang isang kilos, hindi sakop ng kalayaang ito ang piliin ang kahihinatnan ng kilos na pinili niyang gawin. Binigyang-linaw ito sa talakayan sa EsP sa Baitang 7. Palaging may pananagutan ang tao sa kahihinatnan ng kaniyang piniling kilos.

Ano kung gayon ang kalayaan? Ano ang kaugnayan nito sa iba pang pakultad ng tao? May kaugnayan kaya ito sa pagpapakatao ng tao? Naririto ang paliwanag ni Johann tungkol sa tunay na kalayaan.

Ang salitang *kalayaan* ay karaniwang gumigising sa puso ng bawat tao. Ipinaglalaban ng bawat tao ang kaniyang karapatang mabuhay at magpasiya ayon sa kaniyang nais, sa pangangatuwirang walang panlabas na hadlang na sisirain sa paggawa niya nito. Ito ang madalas na iniisip ng tao tungkol sa kalayaan – ang paggawa ng isang bagay na nais niyang gawin o ang karapatang sabihin ang anumang bagay na nais niyang sabihin. Karaniwang sa pag-asam at pagsisikap na makamit ang kalayaan, nakaliligtaan ang mahalagang hakbang sa pagkamit nito. Karaniwang tinitingnan ang kalayaan bilang kawalan ng panlabas na hadlang sa pagkamit ng ninanais ng tao. Bibihirang kinikilala na ang pinakamalaking hadlang sa kalayaan ay hindi ang nagmumula sa labas kundi ang nagmumula mismo sa *loob* ng tao. Ito ay hiwalay sa ginagawa o kilos ng iba kaya't kailangan ng tao ng "higit" pa sa malayang kilos-loob upang maging malaya. Ang tinutukoy na "higit" ay makikita kung titingnan ang kalayaan sa aspektong mayroon itong kakambal na responsibilidad o sa madaling sabi, ang kalayaan ay may kasunod na responsibilidad.

Narito ang paliwanag ni Johann sa dalawang pakahulugan sa pananagutan na nakaaapekto sa ideya ng kalayaan.




1. Simulan natin sa pagsasabing ang malayang kilos ay kilos na "mananagot ako." Ito ay kilos na nagmula sa akin. Sa puntong ito, ang kalayaan ay nakakabit sa *aking* sarili (sa pagiging ako), sa *aking* kakayahang kumilos, sa *aking* sariling kagustuhan, sa pagsasabi ng *oo* o *hindi* sa mga nakapalibot sa akin, sa pagpapasiya *ko* kung ano ang aking gagawin. Ito ang kalayaang kaugnay ng malayang kilos-loob at mayroon ako nito dahil ako ay *tao*, likas ito sa akin. Sapagkat ang tao ay tao, siya ang pinagmumulan ng kaniyang kilos. Kaya may pananagutan siya sa kalalabasan ng kaniyang ginawa. Nangangahulugan itong kailangan niyang harapin ang kahihinatnan ng kaniyang ginawa. Halimbawa, maaaring bumagsak ang marka ng isang mag-aaral na hindi pumapasok sa klase. Hindi niya maiiwasang harapin ang resulta ng pagliban niyang ito. Ang tao ay karaniwang pinananagot sa paggawa ng isang bagay na hindi

> Kakabit ng pananagutan ang kakayahan ng taong tumugon sa obhektibong tawag ng pangangailangan ng sitwasyon.

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

niya mabigyan ng mapangangatwiranang dahilan (*justifiable reason*). Siya ay dapat managot (*be accountable*) sa mga kilos na ito.

> Hindi tunay na malaya ang tao kapag hindi niya makita ang lampas sa kaniyang sarili; kapag wala siyang pakialam sa nakapalibot sa kaniya; kapag wala siyang kakayahang magmalasakit nang tunay at kapag siya ay nakakulong sa pansarili lamang niyang interes.

2. Subalit, bagama't ako ay responsable sa aking ginawa, hindi ito nangangahulugan na ang kilos ko ay mapanagutang kilos. Bilang tao, ako ay responsable sa aking mga kilos, subalit hindi ito nangangahulugang ako ay isang responsableng tao. Ang responsibilidad sa sukdulang kahulugan nito ay hindi lamang pananagutan kundi ito ay kakayahan o abilidad na magbigay paliwanag (*give account*). Ibig sabihin, may kakayahan akong bigyang dahilan kung bakit kailangan kong gawin ang aking kilos ayon sa hinihingi ng pagkakataon o sitwasyon. Ibig sabihin, kakabit ng pananagutan ang kakayahan ng taong tumugon sa obhektibong tawag ng pangangailangan ng sitwasyon. Ang responsableng tao kung gayon ay ang taong tinutuon ang kaniyang kilos bilang tugon sa obhektibong tawag ng pangangailangan. Kaya nga kapag isinaalang-alang niya ang mga salik sa konteksto ng sitwasyon bago ang pagsasagawa ng kaniyang kilos, may pagsisikap siyang tumugon ayon sa mga salik na ito at hindi ang pagpapairal ng sariling kagustuhan; kaya hindi siya mahihirapang ipaliwanag at bigyang-katwiran ang kaniyang ginawang kilos.

Kung ang pagiging mapanagutan ay hindi makapagbibigay sa akin ng kakayahang ipaliwanag ang aking kilos, gayundin ang pagkakaroon ng malayang kilos-loob, hindi masisigurong ako ay totoong malaya. Ang kalayaan ay hindi lamang nangangahulugan ng pagkakaroon ng kakayahang kumilos ayon sa aking kagustuhan, ang *pagiging* malaya ay nangangahulugang mayroon akong kakayahang kumilos nang rasyonal o naaayon sa katuwiran. Kaugnay ng tunay na kalayaan, ang malayang kilos-loob ay paraan lamang upang makamit ito, sapagkat ang makatuwirang kilos ay humihingi ng pagiging malaya sa pagiging makasarili (*egoism*).

> Kung ang pagiging mapanagutan ay hindi makapagbibigay sa akin ng kakayahang ipaliwanag ang aking kilos, gayundin ang pagkakaroon ng malayang kilos-loob, hindi masisigurong ako ay totoong malaya.

Ang kakayahang kumilos nang may katuwiran ay nangangailangan o humihingi ng pagpapalit ng pokus sa buhay. Ang pokus na ito ay ang pagpapahalaga sa kapuwa at paglalagay sa kanila na una bago ang sarili; ang tumugon sa kung ano ang kailangan ng sitwasyon kaysa sa magpaalipin sa sariling pagnanais at kapritso.

Sinang-ayunan ito ni Lipio (2004) sa kaniyang paliwanag na ang tunay na kalayaan ay hindi sariling kalayaan ng tao na hiwalay sa sambayanan kundi isang



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

kalayaang *kabahagi* ang kaniyang kapuwa sa sambayanan. Dahil nabubuhay ang tao sa isang sambayanan, ginagamit ang kalayaan sa pakikipagkapuwa-tao sapagkat ang tunay na kalayaan ay ang pagpapahalaga sa kapuwa: ang magmahal at maglingkod.

Mula sa mga naunang paliwanag, makikitang may dalawang aspekto ng kalayaan: ang *kalayaan mula sa* (*freedom from*) at *kalayaan para sa* (*freedom for*).



1. Kalayaan mula sa (*freedom from*). Karaniwang binibigyang katuturan ang kalayaan bilang kawalan ng hadlang sa labas ng tao sa pagkamit ng kaniyang ninanais. Sa ganitong pag-unawa ng kalayaan, masasabing malaya ang tao kapag walang nakahahadlang sa kaniya upang kumilos o gumawa ng mga bagay-bagay. Subalit kailangang kilalanin na ang tunay na nakahahadlang sa kalayaan ng tao ay hindi ang nagaganap sa labas niya o sa kaniyang paligid kundi ang nagmumula sa kaniyang loob. Ang nagaganap sa labas ng kaniyang sarili ay pangyayaring wala siyang kontrol at wala siyang kalayaan upang pigilan ito. Samantalang ang nagaganap sa loob ng tao ay kaya niyang pigilin at pamahalaan upang maging ganap siyang malaya. Ano kung gayon ang nakahahadlang sa kalayaan mula sa loob ng tao? Ito ay ang mga negatibong katangian at pag-uugaling ipinaiiral ng tao kaya't kahit mayroon siyang kilos-loob, pumipigil ito sa kaniya sa pagkamit at paggamit ng tunay na diwa ng kalayaan. Kailangang maging malaya ang tao mula sa makasariling interes, pagmamataas, katamaran, kapritso, at iba pang nagiging hadlang upang magawa niya ang ikalawang uri ng kalayaan.

2. Kalayaan para sa (*freedom for*). Ang tunay na kalayaan ayon kay Johann ay ang makita ang kapuwa at mailagay siyang una bago ang sarili. Kung malaya ang tao mula sa pagiging makasarili at maiwasang gawing sentro ng kaniyang buhay ang kaniyang sarili lamang, magkakaroon ng puwang ang kaniyang kapuwa sa buhay niya. Gagamitin niya ang kaniyang kalayaan para tumugon sa hinihingi ng sitwasyon at pagkakataon. Ito ang diwa ng pagmamahal sa kapuwa. Samakatwid, kailangang maging malaya ang tao *mula sa* mga pansariling hadlang upang maging malaya siya *para sa* pagtugon sa pangangailangan ng kaniyang kapuwa - ang magmahal at maglingkod.

Narito ang halimbawa ng paliwanag tungkol sa dalawang aspekto ng kalayaan:

Isang matanda ang nakatayo sa kanto at naghihintay ng tutulong sa kaniya upang makatawid. Maaari ko siyang tulungang tumawid o kaya'y huwag pansinin. Ngunit mayroon siyang pangangailangang nagsusumiksik sa aking kamalayan at humihimok sa akin na siya'y tulungan. Hindi ko siya tinutulungan para pasalamatan

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

niya ako o kaya'y sa magandang pakiramdam na nagmumula sa pagtulong sa kapuwa. Bagkus nakikita ko ang kaniyang pangangailangan at kung hindi ko ito papansinin ay alam kong hindi ako karapat-dapat bilang ako. Ngunit hindi ko rin makikita ang kaniyang pangangailangan at hindi ako makatutugon kung sarili ko lang ang iniintindi ko. Kung paiiralin ko ang aking katamaran hindi ko nanaising gambalain ako ng iba.



Ang nasa kalooban kong pagpapakatao ang nagpapakilos sa akin upang tumugon sa tawag na magmahal ng kapuwa. Sa pagtugon ko ng "oo" rito, inakay ko at tinutulungang tumawid ang matanda sa kalsada. Sa pagtulong sa kaniya, ipinakikita ko ang aking pananagutan sa kaniya, lumalaya at naliligtas ako mula sa aking makasariling mga interes, pagmamataas, katamaran at iba pang hindi kaaya-ayang ugali. Binubuksan nito ang aking kamalayan na gamitin ang aking kalayaan para maglingkod sa kapuwa at palalimin ang aking pagkatao. (Lipio,F, 2004 ph.14.)

Ayon kay Scheler, ang kalayaan ay kilos kung saan dumaraan ang isang tao mula sa pagtataglay nito patungo sa pagiging isang uri ng taong ninais niyang makamit. Higit sa pagkakaroon ng kalayaan, tinatawag tayo na *maging* malaya bilang tao. Ang kalayaang likas sa tao ay nauugnay sa pagpapahalaga na ninanais niyang taglayin bilang tao. Kung paano ito ginagamit ay nagpapakita ng pagpapahalaga ng isang tao at nagpapakilala ng uri ng kaniyang pagkatao. Makikita ito sa dalawang uri ng kalayaan: ang *malayang pagpili* o *horizontal freedom* at ang *fundamental option* o *vertical freedom.*

Sa paliwanag ni Cruz (2012), ang malayang pagpili (*free choice*) o *horizontal freedom* ay tumutukoy sa pagpili sa kung ano ang tingin ng taong makabubuti sa kaniya (*goods*). Pinipili natin ang isang bagay dahil nakikita natin ang halaga nito sa atin. Halimbawa: Kailangan mong bumili ng bagong sapatos dahil sira na ang iyong ginagamit. Sa pagpunta mo sa isang *department store* marami ang pagpipiliang sapatos kaya't naghanap ka ng komportable sa iyong paa, bagay o angkop sa iyong personalidad, istilo at pamantayan ng pananamit na inaasahan ng iyong mga kaibigan sa iyo at kung saan ito gawa.

Sa pagpili ng pahahalagahan sa *horizontal freedom,* naaapektuhan nito ang unang pagpiling ginawa (*antecedent choice*) na nakabatay sa *vertical level o fundamental option* na nakabatay sa uri o istilo ng pamumuhay na pinili ng isang tao. Ipagpatuloy natin ang halimbawa sa pagpili ng sapatos na bibilhin. Nang tanungin mo ang *saleslady* kung magkano ang sapatos na napili mo, ito ay nagkakahalaga ng isang libong piso. Eksaktong isang libo ang dala mong pera pero anim na raan lang ang *budget* na nakalaan para sa sapatos dahil ang dalawang daan ay pambili ng kailangang-kailangan mong gamit sa eskuwela at ang dalawang daan, *allowance* mo sa isang buong linggo. Kung bibilhin mo ang sapatos sa ganoong halaga,

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

maaapektuhan nito ang unang desisyon o pagpili na iyong ginawa na pagkasyahin ang perang mayroon ka at mamuhay ayon lamang sa iyong kakayahan. Ipinakikita mo rin na mas pinahahalagahan mo ang pansarili mong kasiyahan kaysa sa iyong pag-aaral at ito ang sinisimulang linangin sa sarili. Mas ninanais ang kaaya-ayang pakiramdam kaysa sa unahin ang mas mahalaga sa buhay - sa sitwasyong ito, ang pag-aaral.

Sa kabuuan, kaugnay ng pagiging moral na indibidwal, may dalawang *fundamental option* na bukas sa tao, pataas tungo sa mas mataas na halaga o ang *fundamental option ng pagmamahal,* at pababa tungo sa mas mababang halaga o ang *fundamental option ng pagkamakasarili* (*egoism*). Tumutukoy ang mga ito sa pangunahing pagpili na ginagawa ng tao: kung ilalaan ba niya ang kaniyang sarili na mabuhay *kasama* ang kaniyang kapuwa at ang Diyos, o ang mabuhay *para lamang* sa kaniyang sarili. Ang *fundamental option* ng pagmamahal ayon kay Johann ay isang panloob na kalayaan (*inner freedom)*. Halimbawa nito ay ang naging sitwasyon nina Nelson Mandela, Benigno Aquino Jr., at Viktor Frankl na bagama't nakakulong sa bilangguan, ay malaya pa rin dahil sa kanilang pagmamahal sa bayan at sa kapuwa. Ayon sa sariling salita ni Viktor Frankl: Ang karanasan sa buhay-piitan ay nagpapakita na maaaring makapamili ang tao ng kilos na kaniyang nanaisin. Ang ilan sa kapuwa naming bihag ay inaalo ang aming mga kasamahan o ibinibigay ang huling piraso ng kanilang tinapay. Maraming mga halimbawa akong nasaksihan na nagpapakita ng kadakilaan na nagpapatunay na ang kawalan ng pakikialam o pagiging manhid ay maaaring masupil, ang pagiging magagalitin ay maaaring pigilin. Ilan ito sa patunay na maaaring makuha ang lahat sa tao maliban sa isa …ang kaniyang kalayaan – ang piliin ang magiging kilos o ugali sa anumang uri ng kalagayan o sitwasyon ng buhay. (Frankl, Viktor Emil, *year, ph.*)

Ngayong naunawaan mo na ang tunay na kahulugan ng kalayaan, suriin mo ang iyong kilos at ang dahilan mo sa paggawa nito … tunay ka bang malaya?

**Tayahin ang Iyong Pag-unawa**

Naunawaan mo ba ang iyong binasa? Upang masubok ang lalim ng iyong naunawaan, sagutan mo ang sumusunod na tanong sa iyong kuwaderno:

1. Ano ang karaniwang katuturan ng kalayaan?
2. Ano ang responsibilidad o pananagutan?
3. Paano nauugnay ang kalayaan sa pananagutan?
4. Ano ang tinatawag na tunay na kalayaan?
5. Ipaliwanag ang dalawang aspekto ng kalayaan.
6. Paano ito nauugnay sa pagkamit ng tunay na kalayaan?




All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

DEPED COPY

**Paghinuha ng Batayang Konsepto**

*Panuto*: Gamit ang *graphic organizer* ay buuin ang mahalagang konsepto na nahinuha mula sa mga nagdaang gawain at babasahin na binasa.




**Pag-uugnay ng Batayang Konsepto sa Pag-unlad ko Bilang Tao**

1. Ano ang kabuluhan ng Batayang Konsepto sa aking pag-unlad bilang tao?
2. Ano-ano ang maaari kong gawin upang mailapat ang aking mga pagkatuto sa modyul na ito?



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

## E. PAGSASABUHAY NG MGA PAGKATUTO

**Pagganap**
**Gawain 5**

*Panuto:*
Sa pagkakataong ito ay napatunayan mo na ang tunay na kahulugan ng kalayaan, at ito ay ang kakayahang magmahal at maglingkod. Ngayon, balikan at suriin mo naman ang iyong mga naging pasiya at kilos nitong mga nagdaang araw. Isa-isahin mo ang mga negatibong katangiang naipamalas mo na maaaring naging hadlang sa iyong paggamit ng tunay na kalayaan. Sundin ang pormat sa ibaba. Gawin ito sa iyong kuwaderno.

| Mga Negatibong Katangian na naging Hadlang sa aking Paggamit sa Tunay na Kalayaan | Mga Sitwasyon na Naipakita Ko Ito | Ano ang Naging Epekto sa Akin at sa Aking Kapuwa? |
|---|---|---|
| Halimbawa:<br>pagiging mapagmataas (*pride*) | Nagkatampuhan kami ng kaibigan ko, hindi ko siya binabati at hindi ako hihingi ng paumanhin kasi para sa akin, siya ang may kasalanan kaya siya ang dapat maunang gumawa ng hakbang para magbati kami. | Isang taon kaming hindi magkabati, nag-iiwasan, at hindi komportable sa presensiya ng isa't isa. Nabagabag ako, kaya naapektuhan ang aking pag-aaral. |
| 1.<br>2.<br>3.<br>4.<br>5. | | |

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Pagninilay**
**Gawain 6**


*Panuto:*

1. Isulat ang mga mahahalagang repleksiyong nakuha mo mula sa aralin sa pamamagitan ng pagsagot sa sumusunod na tanong:
   a. Ano ang iyong naramdaman nang balikan at suriin mo ang pagpapasiya at pagkilos na isinagawa mo ng mga nagdaang araw?
   b. Ano-ano ang iyong natuklasan sa pagtala mo ng iyong mga pasiya at kilos na nagpakita ng mga negatibong katangian?
   c. Ano ang nakahadlang sa paggamit mo ng iyong kalayaan sa mapanagutang paraan?
   d. Bilang isang kabataan, paano mo magagamit nang mapanagutan ang kalayaan na ipinagkaloob sa iyo?
2. Ang lahat ng sagot sa mga tanong na ito ay isulat mo sa iyong kuwaderno. Mahalagang isulat ang pagninilay sa iyong mga karanasan upang magamit mo itong batayan sa pagpapaunlad ng iyong pagkatao.

**Pagsasabuhay**
**Gawain 7**

*Panuto:*

Mabisa ang pagkatuto kung nailalapat ang natutuhan at naunawaan sa pang-araw-araw na buhay. Ang pag-unlad ay matatamo sa pamamagitan ng paggamit nito sa buhay nang paulit-ulit hanggang ito ay maging bahagi na ng iyong pagkatao. Subukin mong gawin ang gawaing nakasaad sa bahaging ito.
Simulan dito:



Pumili ng isang negatibong katangiang taglay na nakahahadlang sa paggamit mo ng tunay na kalayaan na kailangan mong baguhin sa iyong sarili. Pumili sa iyong sagot sa bahaging Pagganap.

______________________________________________

______________________________________________





Magtala ng paraang gagawin upang mapagtagumpayan/ malampasan ang negatibong katangiang taglay na nakahahadlang sa paggamit ng tunay na kalayaan.


______________________________________________

______________________________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.



Sitwasyon o pagkakataon na nagagamit ang tunay na kalayaan. (pagtugon sa tawag ng pagmamahal at paglilingkod)

Unang pagkakataon: ______________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Taong kasangkot: ____________________ Lagda: ____________

Petsa: ____________________

Ikalawang Pagkakataon:

________________________________________

______________________________________________________

______________________________________________________

Taong kasangkot: ____________________ Lagda: ____________

Petsa: ____________________

Ikatlong pagkakataon:


___________________________________

_________________________________________________

_________________________________________________

Taong kasangkot: ____________________ Lagda: ____________

Petsa: ____________________



Ang aking natutuhan mula sa gawain

___________________________________________

___________________________________________

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.

**Mga Kakailanganing Kagamitan (*website, software,* mga aklat, *worksheet*)**

**Mga Sanggunian:**

Covey, S. (1998) *The 7 Habits of Highly Effective Teens: The Ultimate Teenage Success Guide.* Ontario: Fireside

Dy, Manuel Jr. B. (2012). *Philosophy of Man (Selected Readings)*. Quezon City: Katha Publishing Co., Inc.

Lipio, F. (2004). *Konsiyensiya Para sa mga Katolikong Filipino.* Mandaluyong City. National Bookstore

Philip, J. (2006). *I Choose to Be Free: The Power of Faith Hope & Charity.* Manila: Sinag-Tala Publishers

**Mula sa Internet:**

Dy, Manuel Jr. B. *Liberation and Values. Chapter VIII*. Retrieved October 16, 2014, from www.books.google.com.ph/books?id=GT7KOQ

McKay B. & K. (2012). *A Man's Life, On Manhood, Personal Development*. Retrieved October 14, 2014, from http://www.artofmanliness.com/2012/02/21/freedom-from-freedom-to/

DEPED COPY



All rights reserved. No part of this material may be reproduced or transmitted in any form or by any means - electronic or mechanical including photocopying – without written permission from the DepEd Central Office. First Edition, 2015.